# Ang Diyos ng Masamang Kapanuhang Ito

Jeffersonville, Indiana USA

Agusto 01,1965

1 Isang resulusyon ang binasa ni kapatid na Neville. -Ed.

2 Ang mga bagay ay posible, maniwala lang;

Maniwla lang, Maniwala lang,

Ang mga bagay ay posible, basta...

Iyuko natin ang ating mga ulo. Mahal naming Makalangit na Ama, nagpapasalamat po kami sa umagang ito na maari kaming manampalataya. Naging posible ito dahil sa ibinubong Dugo ng Iyong Anak na si Jesus, na kami ay makakabahagi ng Kaniyang biyaya at maging mga anak na lalaki't babae ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang pagsunod hanggang sa kamatayan doon sa krus, at ariin kaming ganap sa pamamagitan ng pagsampalataya namin sa Kaniya at sa Kaniyang pagkabuhay na maguli. At ngayon, ang Espiritu Santo ay naibuhos sa aming mga puso.

Nagpapasalamat kami sa pagkakataong ito na makaparito sa umagang ito upang ibahagi ang aming mga kaisipan sampu ng aming mga pagmamahal, at mga pagpapahayag sa pamamagitan ng mga awitin, mga patotoo, pagbabasa ng mga Awit, sa pagbabasa ng Iyong Salita, at buong kataimtiman naming hinihintay na ihatid ng Espiritu Santo sa amin ang mensaheng nakatalaga para sa oras na ito. Itulot Mo po ito, Panginoon. Nawa ay makinabang kami sa aming pagparito sa araw na ito. At sa aming paglisan sa gusaling ito, nawa ay masabi namin ang katulad ng sinabi niyaong mga nagmula sa Emmaus, "Hindi ba't nag-alab ang ating mga puso sa kalooban natin habang nangungusap Siya sa atin sa umagang ito? " Itulot Mo po ang mga bagay na ito, Walang Hanggang Diyos, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. (Maari na kayong maupo.) 3 At magandang umaga sa inyo, mga kaibigan kong naririto—-na naririto sa loob ng tabernakulo at sa mga kaibigan natin sa buong bansa, mula muli sa Kanlurang Baybayin sa umagang ito, hanggang sa Silangang Baybayin, at sa hilaga, at sa timog na naka-hookup sa telepono.

Napkaganda ng araw dito sa Indiana: bahagyang—-medyo maulap, malamig, napakainam. Punung-puno ang tabernakulo hanggang sa mga bakuran at sa mga dingding. Masidhi ang pag-aasam natin ngayon upang bisitahin tayo ng Panginoon sa araw na ito. At umaasa kaming kayo man ay binigyan ng Diyos ng isang mainam na araw saan man kayo naroroon. At isa itong magandang araw, sapagkat ipinagkaloob ito ng Panginoon. Kahit ano pa ang panahon, isa itong magandang araw. Nagagalak tayong maparito, nagagalak tayo lalo na dahil nasa atin ang pagkakataon upang ipahayag sa buong mundo ang ating pananampalataya kay Jesus Cristo. At sila—- nais nating samantalahin ang bawat pagkakataon upang makapagbigay tayo ng pagpapahayag ng Kaniyang pag-ibig at kung ano ang nagawa Niya para sa atin.

Sa araw na ito tayo ay…

3 Ibinigay sa akin ilang sandali pa lamang ang nakalilipas ang—- ang isang anunsiyo, pagkatapos ay may ilang mga bagay ako ritong nais ipangusap. At ang isa sa mga patalastas na ibinigay sa akin ay tungkol sa isang board meeting noong isang gabi. At may isang diakuno rito sa iglesia ang lumipat ng tirahan sa Arizona, at iyon ay si Brother Collins, ang kagalang-galang nating kapatid. At habang wala siya, itinalaga ng lupon si Brother Charlie Cox na kapalit niya habang wala siya. At si Brother Charlie Cox ay opisyal na itinalaga ng lupon ng mga trustee, o ng lupon ng mga diakuno ng iglesiang ito upang gumanap ng tungkulin ni Brother Collins habang wala siya.

4 At isang bagay… nais ko muling sabihin, nais ko kayong pasalamatang lahat—'pagkat ang ilan sa inyo ay maaaring umuwi na bago tayo magdaos ng gawaing pagpapagaling mamayang gabi—-sa mga magagandang mga regalo, mga tanda ng pagpapahalaga. Napakarami nang pagkain ang nadala sa amin mula nang dumating kami rito. At mula sa aking maybahay at sa akin, at sa buong pamilya, totoong pinagpapahalagahan namin ito. Kung minsan ay nalilimutan kong banggitin ang tungkol dito. Napakarami kasi nating pinagkakaabalahan, alam n'yo. Lagi na lang umiikot ang isip ko. Isipin na lang ninyo ang dami ng tao, hindi lang ang mga tagarito sa iglesia, kundi galing sa iba't ibang panig ng mundo. Kita n'yo? At dahil dito ay parang laging litang ang isip ko.

May nagsalita kanina tungkol sa pag-aalay ng mga bata, at pagbabautismo, at iba pa. Napakainam niyan. Nawa'y magampanan ko iyan, ngunit talagang gi—-gipit na gipit tayo, halos ay wala na akong oras. Kailangan kong ituon ang isipan ko rito, sa Mensaheng ito. Alam ninyo na sinabi ng Biblia sa mga apostoles, o ng mga apostoles pala, sa Biblia, na, "Humayo kayo at humanap sa inyong kalipunan ng mga kalalakihang may mabuting katunayan, at tapat, at puspos ng Espiritu Santo, upang sila ang mag-asikaso ng mga gawaing ito." At sinabihan ko si Billy… Ang sabi niya, "Mag-aalay ka ba ng bata ngayon, Daddy?" Ang sabi ko, "Ay, naku!" Kita n'yo? Kung maraming naghihintay para maialay—-at tama iyan—-kailangang bumalik na lang ako para maglaan ng isang bukud-tanging araw para sa pag-aalay ng mga bata. Kaya't gusto kong gawin iyan.

Ngayon…

5 Ngunit nais namin kayong pasalamatang lahat mula sa aming mga puso, ang maybahay ko, ako, ang pamilya namin. Dinadalhan kami ng mga tao ng mga dilata, mga sariwang sitaw, pakwan, cantelopes, oh, mga strawberry. Lahat na ng maari mong isipin, ay dinadala nila.

Isang butihing kapatid na lalaki't babae ang nagdala sa amin nung isang araw ng isang napakalaking pabo. Hanggang kanina ay kinakain ko pa iyon. Kaya't talagang… Oh, at palagay ko'y kailangan ko iyong ubusin bago ako umalis. At kung hindi ko maubos ay ibabaon na lang ng maybahay ko iyon sa pag-alis naming. Kaya't—-kami'y totoong pinagpapahalagahan namin ang mga bagay na ito. Kilala ko ang karamihan sa mga tao. Ang iba sa kanila ay hindi ko kilala. Pagpasok namin mamaya ay nakalapag na naman ang mga iyon sa pasilyo namin. Kaya't totoong pinagpapahalagahan ko iyon. At marami ang kilala ko, may mga—-nakita ko na ang marami sa kanila, at ang iba naman ay hindi ko pa nakikita. Na—-natitiyak kong nauunawaan ng bawat isa sa inyo na—nais ko kayong makasamang lahat hangga't maaari, ngunit nag-iisa lang ako. Kita n'yo? Ang… hindi ko magawang puntahan kayong lahat. Ginagawa ko ang lahat para magawa ko iyon.

6 Kaya't sumainyo nawa ang Diyos. Natitiyak kong mayroong Isa na sasama sa inyo; at iyon ay si Jesus Cristo, at magagawa Niya iyon. Siya lamang ang Personang nasa lahat ng dako, at magagawa rin naman Niya ang lahat ng bagay; kaya't makakatagpo Niya ang bawat pangangailangan. At nalalaman din Niya ang lahat ng bagay, at batid Niya ang iyong pangangailangan, kung ano ang kailangan ninyo.

Pinupuri ko ang lahat ng hindi ko… naging napakabilis ko simula pa nang dumating ako kaninang umaga, at pipilitin kong kunin ang lahat ng makakaya ko. At kung may malampasan man ako, ang Diyos na nakababatid ng lahat ng bagay ang—-kakatagpo ng lahat ng inyong pangangailangan ayon sa Kaniyang kayamanan sa kalangitan.

Hindi ko ito mabasa ng malinaw. Isa itong espesyal na patalastas. At sa palagay ko ay si Billy Paul ang nagsulat nito, kaya… Para siyang ako. Hindi ko mabasa ang sarili kong sulat-kamay. Kaya't mayroon akong sariling shorthand. At kung makikita lang ninyo ang ilan sa mga teksto ko rito isinulat ko rito… Sa palagay kaya ninyo ay mauunawaan ninyo ito? Mayroon ako ritong parang isang bituin na tumatawid sa isang tulay at iba pa, puro na lang… [Nagbasa ng isang patalastas si Brother Branham-Ed.] Mabuti.

7 Ngayon, ang isa pang bagay na—nais kong ipatalastas dito ay—-ay ang—ang gawaing pagpapagaling mamayang gabi. Mananalangin tayo para sa maysakit mamayang gabi, kaya't u—umaasa akong mapaparito kayo mamayang gabi.

At ipinaaabot namin ang pagbati sa lahat ng tao sa buong lupain sa Pangalan ng Panginoong Jesus, na pagpalain nawa kayo ng Diyos sa umagang ito. Ang ilan sa inyo ay nasa katanghaliang tapat. Diyan sa New York ay katanghalian ngayon, at diyan sa Arizona, sa Kanlurang Baybayin, ay alas siete pa lamang. Kaya't may… At dito naman ay nasa gitna kami. Kaya't pagpalain nawa kayo ng Diyos sa inyong pakikinig.

Ngayon, marahil ito ay… Isinasapuso ko, habang ako'y naririto

8 at dahil hindi tayo pinapayagan sa mg auditorium…at nung huli ay pinahintulutan na rin tayo; maaari tayong magdaos ng isang gawain, ngunit hindi raw dapat manalangin para sa maysakit. Hi—-hindi ko… Iyan ang aking lingkuran. Kailangan kong gawin kung ano ang ipinapagawa sa akin ng Espiritu Santo. Kaya't tinanggihan ko iyon sapagkat nais kong maging malaya. Kaya't naisip ko na magtiis na lang tayo ng isang araw pa sa loob ng tabernakulong ito. At malamig ang panahon sa umagang ito. Ginawa ito ng Diyos na isang napakagandang araw para sa atin dito, kaya't lubos tayong nagpapasalamat.

9 Ngayon para isagawa ito, naparito ako upang ituro ang huling mga Mangkok, ang huling Pitong Mangkok, at ang huling Pitong Pakakak, at ang huling Pitong Kulog ng Aklat ng Apocalipsis, pinagdudugtong-dugtong natin ang mga ito sa oras na ito na kinabibilangan natin, kasunod ng pagbubukas ng Pitong Tatak, ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia. At hindi kami makakuha ng lugar na sapat ang laki upang isagawa iyon, kaya't u—-umaasa akong sa lalong madaling panahon, kukuha tayo—-makakuha nawa tayo ng isang lugar na makakasapat kung hindi man dito ay sa Louisville, sa New Albany, o kaya naman ay magtatayo tayo ng tolda, nang sa gayon ay makapanatili tayo maski hanggang kailan tayo pangunahan ng Panginoon.

Ngunit dito ngayon, sinamantala ko ang pagkakataong ito upang ipahayag sa mga tao ang pananalig at pananampalataya ko sa Diyos, at pagkatapos ay dadalhin ko kayo sa oras na kinabibilangan natin. At ito ay hindi tumutukoy sa sinumang tao, sa alinmang kredo, anuman iyon; ito'y kung paano ko lang nakikita ang Salita ng Diyos. At noong nakaraang Linggo ay nagkaroon tayo ng napakainam na pagbuhos ng Espiritu sa Salita. Naging napakahaba niyon, at ayaw ko sanang pahabain iyon ng gano'n; gayunman ay hindi natin alam kung kailan tayo huling magkikita-kita. At kailangan nating—-nais natin, nais ko pala, gaya ng sinabi ni Pablo noong araw, "Hindi ko ipinagkait na isaysay sa inyo ang buong kapasiyahan ng

Diyos." Sinasabi ni Jesus na wala Siyang anumang iniligid sa kaalaman ng Kaniyang mga alagad. At habang ako, ay labis na nagiging abala sa pagsisikap na manatiling lagi sa ilalim ng pagkapahid ng Espiritu Santo upang tuklasin kung ano ang—-ang oras—-kung ano ang Mensahe para sa oras na ito, kung minsan ay hindi ko na magawang lumabas upang gampanan ang mga tungkulin ko bilang isang lingkod ni Cristo, bilang isang ministro. Ngunit marami akong kasama ritong mga kalalakihan na nagsisikap na tumulong sa akin upang maisagawa ko ito, at lubos akong nagpapasalamat dahil sa kanila, sa lahat ng mga kapatiran kong ministro.

10 Ngayon, hindi ko sinasadyang patagalin ang mga tao. Kayo na nasa iba't ibang panig ng lupain, na naaabot ng Mensaheng ito, kung naririto lang kayo at makikita ninyo ang simbahan sa umagang ito, sa mga pasilyo, sa mga nursery, sa labas, nakabukas ang mga radyo nila, sa mga bus, sa mga trailer, at iba pa, at sa mga kotse, ay makikita ninyo kung ano ang suliranin. At pagkatapos, sa bawat gawain, napakaraing dumaraan dito at nanawagan, at iba pa, at hindi sila makalapit dito. At nangangailangan tayo ng mas malaking lugar para makaupo ang mga tao at maging kumportable. At para maipangaral ang isang—-isang mensahe na sa paniwala ko ay lubhang napakahalaga, nadarama ko na kailangan nating gawing kumportable at paupuin ang bawat isa, para makapakinig tayong hawak ang ating mga lapis at papel, at mga tala, at an gating mga Biblia, at iba pa, upang makapagsulat tayo ng—-ng mga tala. Ngunit sa ganitong paraan ay naisip kong balikan ang oras na kinabibilangan natin at sikaping ilabas ang ilan sa mga bagay na ito na inyong makatatagpo. At kakailanganin ninyo ang mga ito.

11 At kung paririto ako sa araw na ito, o sa anumang araw, o sinumang ministro, upang sikaping maghatid ng isang mensahe sa mga tao, sa isang naghihingalong bayang gaya natin, at sa panahong napakalapit na, gaya ng paniwala ko sa araw na ito, magiging isa akong ipokrito kung mangungusap ako ng isang bagay na alam kong makapagbibigay ng kasiyahan sa inyo, ngunit salungat naman sa Salita ng Diyos, o ng isang bagay na magiging dahilan ng pagdalo ng karamihan, o—- o ng anumang gaya nito. Hi—- hindi ako—-hindi ko magagampanan ang dahilan ng aking pagparito, ang pagiging isang ministro ni Cristo. Nais kong maglabas ng isang bagay na alam kong may mahalagang gamit sa inyo, hindi lang para ako makita ng mga tao, kundi ang isiping ito'y isang bagay na kung ako'y mamamatay sa araw na ito, bukas ay aangkla ito sa inyong mga puso upang magawa ninyong magpatuloy at maglingkod sa Diyos.

12 At ngayon, nais kong sabihin na may isang bagay na napipintong maganap. Alam ko ito. Marami sa inyo ang nakakaalala nang magpunta sa akin si Brother Junior Raymond bago ako magtungo sa Arizona at isinaysay niya ang napanaginipan niya? Kakatwa iyon. Ilan ba sa inyo ang nakakaalala no'n? At ibinigay ng Diyos sa atin ang kahulugan niyon, at naganap

nga iyon nang titik sa titik. Ngayon ay may napanaginipan na naman siya, tungkol sa isang bagay.

At ang nakapagtataka, may isang lalaking naparito nung isang araw mula sa Oregon. Hindi niya ako masyadong kilala at siya ay—- napanaginipan din niya iyon, ang panaginip ni Junior Jackson, at—-at naparito siya at isinaysay iyon sa akin. Hi—-hindi ko alam kung ano ang kahulugan nito; naghihintay ako sa Panginoon. Ngunit alam ko na ito'y isang bagay na mula sa Diyos. Tandaan ninyo iyan. Ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON. Ito'y isang bagay na magmumula sa Diyos. Hindi ko alam kung ano iyon. Talagang kapansinpansin iyon, lubos na kapansin-pansin. Ang totoo, ayon sa napanaginipan ng dalwang lalaking iyon… Ang isa sa kanila ay a-king… Marahil ay isa siyang Baptist, o Presbyterian; ma—-maaaring nakaupo siya ngayon dito sa umagang ito. Ewan ko. Narito siya nung isang araw, hindi ko kilala ang lalaking iyon.

Ngunit ikinuwento niya ang panginip na iyon nang luhaan ang kaniyang mga mata. At lubha siyang naapektuhan nito. Pumarito siya galong pa sa Oregon para lamang ipahayag iyon. Ganoon din ang nangyari kay Brother Jackson nang dumating siya kaninang umaga. Hindi magkakilala ang dalawang lalaking iyon, isang libong milya ang layo nila sa isa't isa, at ang dalawang panaginip ay tungkol sa iisang bagay. Kaya't inililingid ng Espiritu Santo ang kahulugan nito sa akin. Hindi ko alam kung ano'ng dapat sabihin sa lalaking iyon. Ngunit alam kong napipintong gumawa ang Diyos ng isang bagay, at ito'y magiging maluwalhati sa ating mga paningin.

13 Ngayon, ang mensahe sa umagang ito, nais kong bumasa sa Aklat ng mga taga Galacia. Hindi ako mangangaral o kaya'y isa lamang itong… Isa itong araling pang-Sunday school. At ngayon, kayong mga lalaki't babaeng nakasandal sa mga dingding, at kung mayroong nais makipagpalit sa inyo para makaupo naman kayo kahit sandali, o anuman iyon, ngayon, hindi kayo nakakaistorbo sa akin; maging magalang lang kayo. At kung ang mga ina, kung magpapalahaw ng iyak ang mga anak nila, o anuman, may isang kailangang lumabas sa nursery para makapasok ang bata.

At ngayon, kunin ninyo ang lapis ninyo, ang Biblia, at—-humanda kayong magsulat ng mga Kasulatang babasahin natin. Ayaw kong magkaroon kayo ng pakiramdam na para kayong nakatali. Ayaw kong magkaroon kayo ng pakiramdam… Nais kong maging malaya kayong maupo riyan at mag-aral. At maaaring hindi kayo makasang-ayon—-at walang masama riyan—-datapuwat kaya ko ipinangusap ito sa buong bansa sa umagang ito, ay upang malaman ng mga taong sumasampatalaya sa Mensahe na ipinagkaloob ng Panginoon sa akin ang oras na ito, kung ano ang kasalukuyang nagaganap at ipupuwesto

natin ito sa Kasulatan.

14 Noong nakaraang Linggo ay nangusap tayo tungkol sa Ang mga Pinahiran sa Huling Kapanahunan. At kung kayo—-kung mayroon sa inyong mga nakikinig sa tape, tiyakin ninyong makuha ang tape na iyon, hindi dahil sa nais naming makabenta ng tape; hindi iyon ang hangarin namin. Ang hangarin namin ay ang maipalabas ang Mensahe. Kita n'yo, kita n'yo? Kung mayroon kayong pagsasalangan ng tape, magsama-sama kayo at patugtugin ninyo ito, at makinig kayong maigi.

Ang mga Pinahiran. Nakakarinig kayo ng mga taong nagsisitayo at nagsasabi, "Oh, ang sabi ng Biblia, 'Sahuling mga araw ay magsisilitaw na ang mga bulaang propeta at magpapakita ng mga tandang ito.'(Ganiyan nga ang nakasaad sa Kasulatan.) Kung gayon ay saan ba iyon patungkol?" Dapat ay tama ang pagkakagamit nito. Mamayang gabi ay nais kong mangusap, kung loloobin ng Panginoon, tungkol sa Ang Diyos ay Hayag sa Sarili Niyang Salita, kung paanong ang mata ay hindi maaring ikabit sa lugar ng tainga. Kita n'yo? Gaya ng pglilimbag ng buong Biblia, at napakaloob sa kabuuan ng Biblia ang larawan ni Jesus Cristo. Kaya't nais kong mangusap tungkol diyan mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoonm. At, kung hindi man mamaya, marahil ay sa ibang petsa.

15 Ngayon, sa Aklat ng Mga taga Galacia at sa Aklat ng II Corinto 4:1-6 at sa Mga taga-Galacia 1:1-4 nais kong bumasa ng ilang Kasulatan. Ngayon, sa Galacia 1:1-4: Si Pablo, na Apostol…(Masdan ninyo ang pagtigil nang mabilisan. Ang apostol ay nangangahulugang "isang sinugo o kaya'y isang misyonero.") Si Pablo, na Apostol, (hindi mula sa mga tao, ni sa pamamagitan man ng tao, kundi sa pamamagitan…ni Jesucristo, at ng Dios Ama, na siyang sa kaniya'y muling bumuhay;) At ang lahat ng mga kaptid na mga kasama ko, sa mga iglesia ng Galacia:

Sumasainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na Ama, at sa ating Panginoong Jesucristo.

Na siyang nagbigay sa kaniyang sarili dahil sa ating mga kasalanan, upang tayo'y mailigtas dito sa kasalukuyang masamang sanglibutan, ayon sa kalooban ng ating Dios…at Ama: Na sumasakaniya ang kaluwalhatian magpakailanman. Siya nawa.

16 Ngayon sa Aklat ng II Corinto kabanatang apat, at babasa tayo mula sa una hanggang sa ika-6 na talata.

Kaya nga sa pagkakaroon naming ng minsiteryong ito, ayon sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina. Bagkus tinanggihan naming ang mga kahiyahiyang bagay na nangatatago, na hindi kami nagsisilakad sa katusuhan, ni nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Dios; kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay ipinagtatagubilin ang aming sarili sa bawa't budhi ng mga tao sa harapan ng Dios.

At kung ang aming evangelio ay natatalukbungan pa, ay may talukbong sa mga napapahamak: (kung hindi nagpapatunay iyan sa predestinasyong, hindi ko na alam kung ano pa.) Na binulag ng dios ng sanglibutang ito ang mga pag-iisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila'y huwag sumilang ang kaliwanagan ng evangelio ng kaluwalhatian ni Cristo, na siyang larawan ng Dios. (Kagaya rin ng naganap sa hardin ng Eden; pinalabas sila, baka mahipo nila ang punong-kahoy na iyon.) Sapagka't hindi naming ipinangangaral ang aming sarili, kundi si Cristo Jesus na Panginoon;…at kami ay gaya ng inyong mga alipin dahil kay Cristo. Yamang ang Dios, ang nagsabi, MagnininGning ang ilaw sa kadiliman, na siyang nagningning sa aming puso, upang magbigay ng liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Jesucristo.

17 (Amen! Ito ang nakasaad sa Salita.)

Ngayon, ang teksto ko sa umagang ito ay Ang Diyos ng Masamang Kapanahunang ito. Gaya ng nabasa natin sa Kasulatan, ang diyos ng sanlibutang ito, ng masamang kapanahunang ito…Ngayon, ipinakikita ng mensaheng ito ang mga kasamaan ng kapanahunang ito. At sa paniwala ko, ang bawat—-na may tugon ang Biblia para sa bawat kapanahunan na nakasulat sa Biblia para sa mananampalataya ng panahong iyon. Naniniwala ako na lahat ng bagay na kailangan natin, ay nakasulat na rito, ang kailangan lang ay ang pagpapaliwanag ng Espiritu Santo. Hindi ako naniniwala na may taong nabubuhay sa ibabaw ng lupa na may karapatang magbigay ng sarili niyang pagpapaliwanag sa Salita. Hindi nangangailangan ang Diyos ng taong magpapaliwanag ng Kaniyang Salita. Siya ang tagapagpaliwanag ng Sarili Niya. Sinabi Niyang gagawin Niya iyon, at ginagawa nga Niya. 30 Gaya ng maraming ulit ko nang nasabi, ang sabi Niya, "Isang birhen ang maglilihi." Sinalita Niya iyon sa pamamagitan ng bibig ng isang propeta. At naglihi nga siya. Hindi na kailangang ipaliwanag pa iyon ninuman. Nang pasimula ay sinabi Niya, "Magkaroon nawa ng liwanag!" at nagkaroon nga.

Hindi na kailangang ipaliwanag pa iyon ninuman. Sinabi Niyang sa huling mga araw ay ibubuhos Niya ang Kaniyang Espiritu sa lhat ng laman, at ginawa nga Niya. hindi na kailangang ipaliwanag pa.sinabi Niya na sa mga huling araw ang mga pangyayaring nakikita nating nagaganap ngayon ay magaganap. Hindi na

kailangan nito ng anumang pagpapaliwanag. Naipaliwanag na ito. Kita n'yo?

18 Ngayon, pansinin ninyong maigi ngayon habang pinag-aaralan natin ang Salita, ang diyos ng masamang kapanahunang kinabibilangan natin ngayon. Tila kakatwa, napakakatwang bagay sa kapanahunang ito ng biyaya, kung kailan kumukuha ang Diyos ng isang bayang tatawagin sa Kaniyang Pangalan, iayon ay, ang Kaniyang Nobya, sa masamang kapanahunang ito na dapat ay tawaging kapanahunan ng kasamaan. Ang kapanahunan kung saan ay tumatawag ang Diyos ng bayan para sa Kaniyang Pangalan—-sa pamamagitan ng biyaya—-pinalabas at pagkatapos ay tinawag itong masamang kapanahunan. Ngayon, patutunayan natin sa Biblia na ito ang kapanahunang tinutukoy Niya.

Napakakatwang isipin niyan, na sa isang masamang kapanahunang gaya nito ay ditto pa tatawagin ng Diyos ang Kaniyang Nobya. Napansin ba ninyo, ang sabi Niya ay isang bayan, hindi isang iglesia. Bakit? Gayunman ay tinatawag itong ang Iglesia, ngunit ang tatawagin Niya ay isang bayan. Ngayon, ang iglesia ay ang pagsasama-sama ng iba't-ibang uri ng mga tao. Datapuwat tumatawag ang Diyos ng isa rito. Hindi Niya sinabing, "Tatawagin ko ang Metodista, ang Baptist, ang Pentecostal"; ang sabi Niya ay tatawag Siya ng isang bayan tungo saan? Sa Kaniyang Pangalan. Kita n'yo? Isang bayan. Isa sa Metodista, isa sa Baptist, isa sa Luheran, at isa sa Catolico. Kita n'yo? Datapuwat tumatawag Siya hindi ng isang grupo ng iglesia, kundi ng isang bayan sa Kaniyang Pangalan, tumatanggap sa Kaniyang Pangalan, nakipagtipan sa Kaniyang Pangalan, patungo sa isang kasalan upang magpakasal sa Kaniya, upang maging bahagi Niya (kita n'yo?), sa pamamagitan ng predestinasyon. Gaya ng pagpili ng isang lalaki ng babaeng dapat niyang mapangasawa sa buhay, siya'y nakatalagang maging bahagi ng kaniyang katawan. Kaya nga, ang Nobya ni Cristo ay magiging gaya at ngayon pa man mula pa noon ay itinalaga na g Diyos na maging bahagi ng Kaniyang Katawan. Kita n'yo? Oh, napakayaman ng mga Kasulatan, punung-puno ng pulot.

19 Pansinin ninyo, hindi kung ano ang sinabi ninuman, kung sino ang tinawag ng kung sino, kundi kung ano ang pinili ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan, at tinatawag Niya ang mga taong ito sa huling mga araw. Hindi isang organisasyon, kundi isangbayang tatawaging sa Kaniyang Pangalan. At dito Niya sa masamang kapanahunang ito ginagawa ito, ang kapanahunang ito ng pandaraya.

Noong nakaraang lingo, sa Mateo 24, iyon ang pinakamadadayang kapanahunan sa lahat ng mga kapanahunan. Lahat ng mga kapanahunan ng pandaraya mula pa sa hardin ng Eden pababa, wala nang iba pang kapanahunang ito. Magsisilitaw ang mga bulaang propeta at magpapakita ng mga tanda at kababalaghan, kung maaari lang ay dadayain pati na ang Hinirang. Kta n'yo? Ngayon, ang mga malalamig, pormal, maalmirol na mga iglesia, at iba pa, na nananangan sa teolohiyang gawa ng tao, hindi iyan—-hindi iyan papansin ng Hinirang. Ngunit naririto iyon sa itaas, hawig na hawig sa totoo. Laktawan lang ninyo ang isang Salita, iyan lang ang kailangan mong gawin. Ipinangako ito sa kapanahunang ito, isang dakilang panahon…Mga Cristiano sa lahat ng dako, pakinggan ninyo, at makinig kayong mabuti.

20 Bakit kailangang tumawag ang Diyos ng isang bayan palabas ng masamang kapanahunang ito para sa Kaniyang Pangalan? Ang dahilan ay upang subukin Siya, ang Kaniyang Nobya. Ito'y upang…Kapag naipamalas na Siya, nasubok at napatunayan, napatunayan kay Satanas…Kung ano ang naganap sa pasimula ay siya ring magaganap sa wakas.

Tulad sa isang binhi na nagpapasimula sa ilalim ng lupa, tumutubo iyon sa pamamagitan ng mga tagapagdala, ng buhay nito. Ngunit ang kahahantungan nito ay siya ring binhi na naibaon sa lupa. At kung paanong ang binhi ng pandaraya ay nahulog sa lupa doon sa Eden, ganito rin itong magwawakas sa huling mga araw. Katulad ng naganap sa ebanghelyo nang ito'y mahulog sa isang denominasyon sa Nicaea, Roma, hahantong ito sa pagiging isang super organization. Gaya nang ang Binhi ng Iglesia ay nahulog noon taglay ang mga tanda, mga kababalaghan, at kapiling nila ang buhay na Cristo, hahantong ito sa mga huling araw sa ilalim ng lingkuran ng Malakias 4 at isasauli nitong muli ang orhinal na pananampalataya na minsang ipinagkaloob.

21 Makikita natin ngayon na ang masamang kapanahunang ito ang magpapatunay kay Satanas na hindi Siya katulad ni Eva, ni Hindi Siya ganoong uri ng babae. At susubukin Siya sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, ang Nobya, gaya rin naman na ang Nobya ni Adan ay sinubok ng Kaniyang Salita. At pinaniniwalaan ng Nobya ni Adan ang bawat Salita subalit nalito siya sa isang pangako (na Siya'y katulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man sa araw na ito. Kita n'yo?)—-subalit nabigo siya sa isang pangako, sa ilalim ng panunukso ng kaaway, nang mukhaan. At ngayon, ang bayang tinawag para sa Kaniyang Pangalan, ay wala nang iba kundi ang Kaniyang Nobya. Kailangan na naman siyang iharap sa gayon ding bagay, hindi sa isang makadenominasyong katotohanan o kung anong bagay, kundi sa bawat Salita.

22 bawat Salita.

Sapagkat sa pasimula ng Biblia ipinagkaloob sa tao ang Salita ng Diyos upang ditto siya mabuhay. Isang Salita ang inilihis ng isang—-isang lalaki na ang tawag ay Satanas sa katauhan ng isang hayop na kung tawagin ay serpente…Si Satanas, sa katauhang ito ay nakikipag-usap kay Eva, at inilihis niya ang

pagpapaliwanag ng Salita sa kaniya, at napahamak siya. Kita n'yo? Dapat ay bawat Salita.

Sa kalagitnaan ng Biblia ay dumating si Jesus at nagsabi, "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita," nang tuksuhin Siya ni Satanas. Ngayon, sinasabi sa atin ng Diyos dito sa mga huling araw na lilitaw ang diyos ng sanlibutan ito sa mga huling araw, at sinumang magdaragdag ng isang salita Dito, o magbabawas ng isang salita Rito, ay aalisin ang bahagi niya sa Aklat ng Buhay. Mahabag nawa ang Diyos sa atin. At huwag tayong lumalakad na animo tayo'y mga matitigas na kamiseta, nakaliyad ang dibdib, nakataas ang noo, alam lahat ng bagay, sapagkat tayo rin naman noon ay nasumpungan sa pagsuway. Lumapit tayong taglay ang biyaya, at habag, at damdamin sa Diyos, at buong nagpapakumbaba, sa luklukan ng awa.

Nakapagatataka, na pagkalipas ng mga labing-siya na taong pangangaral ng Ebanghelyo, at ngayon siya, ang tinutukoy ko ay ang sistema ng sanlibutan, ay higit na masama kaysa noong—-naririto Siya. Higit na masama ang sistema ng sanlibutan. Ang sanlibutan ay patungo na sa isang dakilang wakas. Alam n'yo iyan. Tinutupad ng Diyos ang Salita Niya sa lahat ng dako.

23 Kahapon ay nakatayo ako…Sana ang batang iyon ay hindi…Hindi naman. Nagpunta kami ng aking maybahay, kasama si Mrs. Wood, si Brother Roy Roberson sa isang lugar dito, kasama rin si Brother Wood, tumigil kami sandali sa Youngstown Shopping Center upang kunin ang isang—-isang pakete ni Sister Wood. At sa—-habang nakatayo kami roon, may isang binatang lumapit at ang sabi sila raw ay, kundi taga Alabama…wari ko'y taga Georgia, 'pagkat tinanong ko sila kung kilala nila si Brother Welch Evans. At nag-usap kami ng ilang minuto. At nang paalis na ako, tiningnan ako ng binatang ito; ang sabi niya, "Mayroon lang akong gusting sabihin." Ang sabi ko, "Ma—-mananampalataya ka ba, Cristiano ka ba?" Ang sabi niya, "Hindi, po!" Ang sabi niya…

24 Ma—-maaring hindi ko masipi nang husto amg mga salitang sinabi niya, datapuwat para siyang may kaunting pag-aalinlangan. Tinanong ko siya tungkol sa Anghel ng Panginoon na nagpapakita. At ang sabi niya ay nabalitaan na niya ang tungkol dito, ngunit hindi pa siya nakakasimba kahit minsan, sa simbahang ito. Ang sabi ko, "Naniniwala ka ba rito?" Ang sabi niya, "Opo!" Ang sabi niya, "Ma—-may minamatygan ako." Ang sabi niya, "Marami na ang nagsabi sa akong tungkol sa mga prediksiyong ito, sampu ng iba pang mga bagay-bagay, at narinig ko sa tape na inihula mong ang California ay mabibitak at matatapyas." At ang sabi pa, "Nang mabasa ko iyon sa pahayagan, ay naniwala na ako."—-Ang sabi niya, "Sisimba ako kundi ngayon ay bukas (iyon ay ngayon) sa kauna-unahang pagkakataon." Ang sabi ko, "Pagpalain ka ng Panginoon, Anak," at kinamayan ko siya. Ang sabi niya, "Ngunit mayroon po akong gustong sabihin sa inyo." Ang sabi niya, "Ligaw na ligaw po ako." Ang sabi niya, "Para akong baryang nasa isang tambak na buhangin, ligaw!"

Ang sabi ko, "Ngunit hindi mo kailangan manatiling ganiyan; may Isa ritong nakatayo ngayon na maaring humanap sa iyo sa sandaling handa ka nag magpahanap." Ang sabi niya, "Handa na ako!" Ang sabi ko, "Maaari mo bang iyuko ang ulo mo?" Ang sabi niya, "Hindi ako nahihiya." Hindi lang iyon, bagkus ay lumuhod pa siya doon sa paradahan sa harap ng napakaraming tao. Pinanood siya ng mga tao sa kalsada, at doon ay sinamahan namin siyang manalangin hanggang sa ibigay niya sa Diyos ang puso niya. Dumating siyang makasalanan, nagbalik siyang isang anak ng Diyos. Patay siyang lumakad sa gilid ng kotse at buhay siyang nagbalik.

Ang sabi ko, "Bukas ang bautismuhan bukas." Mayroong bukal, ang Kaniyang dugo, Sa ugat ni Emmanuel nagmula; Makasalanang lulusong, At mapapalaya; Ang sabi ko, "Tumayo ka't magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, tumawag ka sa Pangalan ng Panginoon. Pupuspusin ka ng Diyos ng Espiritu Santo, at ipagkakaloob Niya sa iyo ang mga dakilang bagay na ito, at ipapakita Niya ito sa iyo."

25 Ano iyon? Ang sanlibutan ay patungo na sa isang pagwawakas. Bakit? Asng espiritu ng di-pagkilala sa batas pagkabulok ng moralidad, maka-agham na relihiyon, ay nag-akay na rito sa kulungan ng lath ng uri ng kasuklamsuklam at maruruming ibon, gaya ng sinabi ng Biblia. Basahin natin, sa Apocalipsis 18. Habang sinisimulan natin ang puntong ito, kunin natin ang Apocalipsis 18:1-5. Sa palagay ko ay tama ang pagka-kamarka ko. Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian. At siya'y sumigaw ng malakas na tinig…(Ngayon, kayong mga taong nakapanaginip,…)…na nagsasabi, Naguho, naguho ang dakilang Babilonia at naging tahanan ng mga demonio, at kulungan ng bawa't espiritung karumaldumal…kulungan ng bawa't karumaldumal at kasuklamsuklam na mga ibon. Sapagka't dahil sa alak ng galit ng kaniyang…(ang Iglesia!)…pakikiapid ay nangaguho ang lahat ng mga bansa; at ang mga hari sa lupa ay nangakiapid sa kaniya, at ang mga mangangalakal sa lupa ay nagsiyaman dahil sa kapangyarihan ng kaniyang kalayawan.

At narinig ko ang ibang tinig mula sa langit, na nagsasabi,Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan…at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot.

Sapagkat ang kaniyang mga kasalanan ay umabot hanggang sa langit at naalala ng Dios…ang

kaniyang mga katampalasanan.

26 Anong pagbibigay babala. Ibinabalik nito ang iglesia sa Apocalipsis 3:14, sa kapanahunang Laodicea, kawalan ng pagkilala sa batas, totoong napakarelihiyoso subalit di-kumikilala sa batas. "Ikaw, dahil sinasabi mong ikaw ay mayaman, wala nang kinakailangan, hindi mo nalalamang ikaw ay hubad, kahabag-habag, bulag, at hindi mo nalalaman!" Akmang-akma sa Kasulatan ng kapanahunang ito, hindi sa Kasulatan ng kapanahunan ni Daniel, hindi para doon sa mga nasa pangalan ni—-sa kapanahunan ni Noe, kundi sa huling masamang kapanahunang ito.

Pansinin ninyo rito. Ikaw ay hubad! Hayaan ninyong bumabad iyan nang husto. Alam kong marami ang maaaring sumalungat sa kaisipang ito, ngunit humahantong na tayo sap unto na ang isang Cristiano ay hindi na halos makalabas ng bahy nang hindi nadadala ang presensiya ng masamang kapanahunang ito dahil sa mga babaeng hindi sapat ang pananamit.

27 Mga babae, sasabihin ko ito, at nais kong makinig ,kayo. At kayong mga lalaki't babae, maaaring hindi kayo sumang-ayon dito, ngunit nadarama kong pinangungunahan akong sabihin ito. Alam ba ninyong ang isang babaeng nagdadamit nang ganoon ay wala sa tamang katinuan? Alam ba ninyo na, sa maniwala siya o hindi, o sa maisip man niya o hindi, na isa siyang patotot? Bagama't magawa ng babaeng ion na itaas ang kamay niya sa Diyos at manumpung hindi siya nahipo kailan man ng ibang lalaki maliban sa kaniyang asawa, at maaaring iyon ay tapat na katotohanan, ngunit gayon man, ay isa pa rin siyang patotot. Ang sabi ni Jesus, "Ang sino mang tumingin sa isang babae na may pagnanasa sa kaniyang puso ay nagkasala na ng pakikiapid sa kaniya." At maaaring ang babae…

Kita n'yo, hubad siya, ayon sa Biblia, at hindi niya iyon nalalaman. Ang Espiritung pumahid sa kaniya upang gawin ang mga bagay na iyon ay masama, patotot na espiritu. Ang panlabas niyang katauhan, ang pisikal niyang katawan, ang laman niya, ay maaaring malinis nga. Maaaring hindi talaga siya nagkasala ng pakikiapid at magagawa niyang manumpa sa harap ng Diyos—-at maaaring totoo nga iyon—-na talagang hindi niya iyon ginawa kailan man, datapuwat ang espiritu niya ay isang espiritung patotot. Nabulag na siya nang husto ng diyos ng daigdig ng moda; nagbihis siya ng kaakit-akit at lumabas siya roon.

28 Noong isang araw, inilulusong namin ni Brother Wood ang bangka naming sa ilog. Gusto kong lumayo sa bahay ng ilang minuto at magpunta sa ilog. At kahit saan ka magpunta, ay may mga babaeng nakasuot ng maliliit na piraso ng—-na kung tawagin ay "kinis" o kung anuman iyon…Isa iyong kahihiyan. Wala sa katinuan ang babaeng magsusuot ng gano'n. nalulukuban siya ng espiritu ng patotot. Ngayon, mayusin mo iyan sa Diyos, babae, 'pagkat matutuklasan mo balang araw iyan ay Katotohanan.

Paano mong nagagawa, babae, nalalaman mo kung gaano kasagrado ang katawan mo pagkatapos ay ilalantad mo iyon sa labas sa mga mahalay, makasalanan diablong naglalakad sa lansangan ngayon? Kung ang mga anak ng Diyos ay anak pa rin ng Diyos, kung ang asawa mo ay isang anak ng Diyos, kung hindi ka niya pagbibihisin ay iiwan ka niya. kung ang binat ay isang anak ng Diyos, hindi siya magpapakasal sa ganoong babae. Kita n'yo? Sasabihin mo, "Gumagawa ka…" Hindi, sinasabi ko sa iyo ang Katotohanan. At balang araw ay haharapin mo Ito. Hubad, patotot, at hindi niya nalalaman.

"Oh, nanunumpa ako na hinding-hindi ko nagawang dungisan ang sumpaan naming mag-asawa." Hahatulan ka ng asawa mo kung sakaling nagawa mo iyan. Datapuwat hahatulan ka ng Diyos kung anong uri ng espiritu ang nasa iyo, hindi ka hahatulan sa iyong katawan, kundi sa iyong espiritu, ang panloob mong katauhan.

29 Ang panlabas na katauhan ay isang pisikal na nilalang na pinakikilos ng anim na pandama, o limang pandama pala. Ang panloob na katauhan ay isang taong-espiritu na pinakikilos ng limang pandama: ang kunsensiya, at pagmamahal, at iba pa. Ang panlabas na tao: paningin, panlasa, pakiramdam, pangamoy, pandinig. Datapuwat ang nasa loob ng espiritung iyan ay ang kaluluwa, at pinakikilos iyon ng isang bagay: ang iyong malayang kalooban. Maaari mong tanggapin kung ano ang sinasabi ng diablo o kaya nama'y tanggapin kung ano ang sinasabi ng Diyos. At iyan ang magpapakita kung anong espiritu ang naririyan sa loob. Kung iyan ay Espiritu ng Diyos, manginginain iyan sa mga bagay patungkol sa Diyos, at hindi iyan manginginain ng anumang bagay sa anlibutan. Ang sbi ni Jesus, "Kung iniibig mo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, iyon ay dahil hindi pa nakakapasok ang pag-ibig ng Diyos sa panloob na bahaging ito." Nadaya ka ni Satanas. "At ang tao ay hindi lamang sa tinapay nabubuhay kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos."

Pansinin. Ngayon, makikita na siya ay hubad, malaswa, at nakahubad.

30 At ang sanlibutan ay nasa pinakamasamang kapanahunang…hindi nagawa ng kababaihan ang umasta ng ganito sa alinmang kapanahunan, hindi pa kailan man, kundi hindi noong bago was akin ang sanlibutan sa pamamagitan ng baha. At tinukoy iyon ni Jesus. Dadako tayo riyan maya-maya.

Nawalan nab a ang Diyos ng kapamahalaan, o pinahihintulutan lang Niya ang ibang ahensiya upang

mamahala? Nagtataka ako. Ang tunay na sagot sa tanong na ito ay…Sa aking opinion, may dalawang magkasalungat na espiritu na kumikilos sa sanlibutan sa araw na ito. Ngayon, hindi maaaring humigit ito sa dalawa, dalawang ulo. At ang isa sa kanila ay ang Espiritu Santo na kumikilos; ang isa naman ay ang espiritu ang diablo, at ito'y sa mga huling araw na ito, sa pandaraya. Ngayon, ay ibabatay ko rito ang mga kaisipan ko para sa kabuuan ng teksto, ang kabuuan ng—-ng ating mensahe.

31 Ang dalawang espiritu, ang isa sa kanila ay ang Espiritu Santo ng Diyos, ang isa naman ay ang espiritu ng diablo na kumukilos sa pandaraya. Ang mga tao sa lupa ay namimili na ngayon. Naririto ang Espiritu Santo tumatawag sa isang Nobya para kay Cristoo. Ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng pagbibindika sa Kaniyang ipinangakong Salita sa Kaniya para sa kapanahunang ito, ipinakikitang ito'y si Cristo. Kung dapat kumilos ang daliri sa kapanahunang ito, kikilos ang paa. Kung ang mata ay nakatakdang makakita sa kapanahunang ito, makakakita ang mata. Kita n'yo? Ang Espiritu ng Diyos, habang Ito'y lumalaki sa kabuuan ng sukat ng Diyos ay…Ang kapanahunang kinabibilangan natin ngayon, ang Espiritu Santo ay naririto, binibindika ang Mensahe ng oras na ito. At ginagawa ito ng Espiritu Santo upang ang mga taong sumasampalataya sa Diyos ay matawag palabas sa kapanahunang ito. Ang masamang espiritu ng diablo ay naririto at tumatawag sa kaniyang iglesia sa pamamagitan ng kamalian, gaya pa rin ng dati, sa pamamagitan ng pagbaluktot sa Salita ng Diyos gaya ng ginawa niya sa pasimula. Nakikita ba ninyo na nagbabalik itong muli sa panahon ng binhi? Mula sa Eden, ay naririto na naman itong muli.

32 Ngayon, kayo noon ay—-sa mga nagdaabg ;panahon ay kabilang kayo sa mga denominasyon; kabilang kayo dito, doon, at sa iba pa. Ano na ang nangyari sa tangkay ng denominasyon? Natutuyo ito. Unti-unti itong nilisan ng Espiritu, sumusulong Ito. At hahantong ito sa binhi.

Makikita ninyo na sa panunukso sa dalawang ito, nagtutungo ito roon sa pinahmulan. Pansinin, huwag—-huwag—-huwag ninyonh kalilimutan ito ngayon. Gaya ng Juan, I Juan 4:5-6—-kung nais ninyo iyang isulat—-ang pagkakasulat dito ay "ang espiritu ng kamalian." Hindi lang basta lumabas si Eva at niloob niyang sabihin, "Hindi ako naniniwala sa Diyos!" Hindi, isang kamalian ang pinaniwalaan niya.

Hindi lumantad si Santanas at nagsabi, "O, buweno, hindi Salita ng Diyos iyan!" Inamin niya na Salita iyon ng Diyos, ngunit nilagyan niya Iyon ng sariling pagpapaliwanag, at malinaw ang bilin ng Diyos sa kanila na huwag nilang gagawin iyon. Ano ang nagagawa nito? Nagiging dahilan ito ng isang malakas na pagkabuyo sa mga tao upang maniwala sila sa kasinungalingan at upang ikapahamak nila. Ngayon, kung nais ninyong basahin iyan, naro'n iyan sa Telesonica 2:11. Dahil mayroon ako ritong mga—-ilan pang mga Kasulatan dito, at hindi natin magagawang basahing lahat ito. Paisa-isa lang, at ibibigay ko ang mga iyon sa inyo habang…

Kung mukhang kakatwa ito na may katanungan kayo hinggil dito o anuman iyon, maaari nating isulat ito at basahin ito para sa—-para sa inyong kapakanan.

33 Lumilikha ng isang malakas na pagkabuyo, gaya ng sinabi ng Biblia (II Tesalonica), kung paanong ang tao ng kasalanan ay lilitaw at uupo sa templo ng Diyos, ipinakikita ang sarili niya bilang Diyos at nagbunsod sa mga tao upang mapasadlak sa malakas na pagkabuyo upang mniwala sila sa isang kasinungalingan; at ipapahamak sila nito. Ganiyan din ang ginawa niya kay Eva, binigyan niya siya…Hindi kailan man—-Kailan man may hindi niya sinabi sa kaniya na hindi tama ang Salita, bagkus ay binigyan niya siya ng isang malakas na pagkabuyo at napaniwala siya sa isang kasinungalingan.

Ang espiritu ng pagkabuyo ay sa diablo, ang mga diablo ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway. Pagsuway saan? Saan masuwayin ang mga anak ng kaarawang ito? Gaya rin ni Eva sa pasimula, sa tunay na Salita ng Diyos. Tama. Ngayon, kung nais ninyong kuni iyan, buklatin natin sa, Efeso 2, sandali lang, 'pagkat wari ko na mabuti na tayo ay—-titigil muna ako sandali kung hindi kayo nagmamadali at babasahin natin ang ilan sa mga ito. Efeso 2:1 hanggang 2: At kayo'y binuhay niya, nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga pagsalangsang at ang mga kasalanan: Na inyong nilakaran noong una ayon sa lakad ng sanglibutang ito, ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway;

34 (Mga anak ng pagsuway!)

At kung ang anticristo ay nagpasimula roon sa kasanggulan ng pagsuway, ano kaya ang kahihinatnan nito kapag humantong na ito sa persona ng anticristo? Gaano kaya kadaya ito? Gaano kaya higit na makapangyarihan ang pandarayang maibibigay ng isang—-isang taong gumulang na sa sanlibutan kaysa sa isang sanggol? At sabi pa nito, "Ang espiritu ng—-ng pagkabuyo na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway," mga masuwayin sa Salita.

Pansinin. Ngayon, ay nais kong magtagal nang kaunti dito, sa mga anak ng pagsuway, isang anak. Alam mo ba na ikaw, sa iyong pasimula, kaya kong patunayan sa pamamagitan ng Salita ng Diyos na ikaw, o ang sinumang taong naririto, ay nabuhay noon sa ktauhan ng lolo ng lolo mo. At ang lolo ng lolo mo…Nailabas ka sa iyong lolo, pagkatapos ay sa ama mo naman, at pagkatapos ay ikaw na. Alam ba

ninyo 'yan? Ang sabi ng Biblia, wari ko'y sa Hebreo 7, na si Melquisidec…Nang magbalik si Abraham mula sa pagpaslang sa mga hari, nagbayad si Abraham kay Melquisidec na ikasampung bahagi ng lahat ng kayamanang nakuha niya sa pakikidigam. At narito ngayon si Pablo na nagsasabi, na si Levi, na tumanggap ng ikapu, ay hindi pa…Nagbayad siya ng ikapu, sapagkat nasa sinapupunan pa siya ni Abraham ng makatagpo niya si Melquisidec. Kaya't anuman ang ginawa ni Abraham, ay kung magkagayon ay nakita natin si Levi ay na kay Abraham na noon na siyang lolo ng lolo niya. naging anak ni Abraham si Isaac; naging anak ni Isaac si Jacob; naging anak ni Jacob ang mga patriarka; si Levi…Ngayon ay makikita ninyo, malinaw nating makikita, ang predestinasyon.

35 Ngayon, sa mga mensaheng ito, nais kong i—-i—-idiin ang mga bagay na sinabi ko sa inyo sa Mensaheng ito ng panggabing Ilaw na sinabi ng Diyos na darating sa ibabaw ng lupa.

At pansinin, ang tao, ang hayop na darating dito sa ibabaw ng lupa, dadayain niya abg lahat ng tao na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, na pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan.

Sa sariling kaisipan ng Diyos…Ang Diyos, ang dakilang Espiritu, sa pasimula, bago pa magkaroon ng pasimula, Diyos na Siya. At alam mo ba na nasa Kaniya ka na noon? Kung isa kang Cristiano ngayon ay nasa Kaniya ka na noon pa man. At kung gayon nga iyon, ang buong kapuspusan ng Pagkadiyos ay naihagis ayon sa laman sa Persona ni Jesus Cristo. At nang mamatay si Jesus sa krus ay namatay akong kasama Niya, dahil nasa Kaniya na ako noon; sapagkat Siya ang kapuspusan ng Salita na naipamalas, nalalaman natin na tayo rin naman ay maipapamalas din pagdating ng panahon. At kasama Niya tayo roon sa Kalbaryo. Nailibing tayo sa libingang kasama Niya, at kasama Niya tayong nagbangon nang Siya'y magbangon, at ngayon ay umakyat na tayo sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa Luklikan ng biyaya, nakaupong kasama Niya sa sangkalangitan, kay Cristo Jesus, sa tuwina.

36 Dahil kung paanong ang semilyang-binhi ng buhay na natural ay naisasalin, nabibigyang-buhay mula sa ama, tungo sa kasunod na ama, tungo sa kasunod ng ama, tungo sa kasunod na ama, gayon din naman ang Buhay ni Cristo ay nabibigyang buhay. Iyan ang dahilan kung bakit limang ulit ginamit ng Diyos ang Espiritu ni Elias. Ano ito? Ito'y isang pagsasalin.

Gaya nga ng natural mong buhay at mga kakayahan ay naisasalin mula sa likas na lahi ng iyong ama, ay gayon din naman ang Espiritu ng Diyos na nakatalaga na bago pa itatag ang sanlibutan. At nang nakumpleto na ang kabuuan ng Salita ng Diyos sa isang makataong katawan na kung tawagin ay Jesus Cristo, doon ako ay pinagbayad ng Diyos ng aking mga kasalanan habang naroroon ako sa Kaniya. Pagkatapos ay binangon Niya ako—ibinangon Niya akong kasama Niya taglay ang kapangyarihan at kapamahalaan sa bawat diablo. Oh, kungmapaniwalaan lang ninyo kung ano ang ipinagkaloob ng Diyos. Ngunti kung hindi ka sumasampalataya, at ayaw mong kumilos, hindi mo iyon magagamit. Ngunit kong totoong nakaupo ka roon ay gagamitin mo iyon, dahil nakatalaga ka upang gawin kung ano ang ginagawa mo.

Si Faraon, sa kabilang panig, ay pinalaki para sa layuning ito, ayon sa Biblia, upang maging isa siyang Faraon. Si Judas Escariote ay pinalaki upang maging anak siya ng kapahamakan.

Ngayon, pansinin ninyo ang mga dakilang Katotohanan ito na atin ngayong tinutungo.

37 Ngayon ay nakita nating tinanggihan ng iglesia ang Salita ng Diyos upang mamahala sa kanila at sa halip ay si Barrabas ang tinaggap nila. Ngayon, kung gusto ninyo ng Kasulatan tungkol diyan, iyon ay nasa Mateo 27:15 hanggang 23. ano ang ginawa nito? Ano ang posisyong ginawa nito? Ngayon, pakaisipin n'yo ito. Nang ang daigdig ng iglesia sa organisadong liwanag ng matuwid, banal na mga tao—-gaya ,nang inakala nila at gayon nga ang tingin sa kanila ng mga tao—-ipinako nila si Jesus at nagsabi, "Ayaw naming pamahalaan kami ng taong ito." At si Jesus ang Kapuspusan ng Salita ng Diyos; ipinahahayag ito ng I Juan 1. At sabi nila, "Ayaw naming pamahalaan kami ng Salita ng Diyos." Gayunman Siya ang Salita ng Diyos, subalit nabulag ang mga mata nila sa kung sino Siya. Sapagkat Siya ang tuwirang tugon sa bawat hula na nakatakdang matupad sa Kaniya. Ngayon, ay naniniwala tayong lahat diyan, dahil tinitingnan na lang natin iyon kung paanong naganap iyon s anakaraan. Ngunit kung magagawa lamang ng sanlibutan—-iyon ay ngayon, ang kasalukuyang masamang kapanahunang ito, kung iyo ang naroroon sa panahong iyon, gagawin din nila kung ano ang ginagawa nila ngayon, sapagkat ito pa rin ang Salita na iyon na naipapamalas para sa kapanahunang ito. Gagawin nila iyon. Wala silang ibang maaaring gawin. Mga anak sila bg pagsuway, na binigyan ng espiritu ng pagkabuyo upang maniwala sila sa isang kasinungalingan at mapahamak sila dito.

38 Pansinin n'yo, nang hindi tanggapin ng daigdig ang iglesia ni Jesus, ang Salitang naipamalas sa araw na iyon, sa ano'ng dahilan? Iba ang pagkakaunawa nila Roon. Datapuwa't dapat sana'y nalaman nilang Siya ang Salita, dahil ng sinabi ng Diyos na gagawin Niya ang ginawa Niya. At sinabi Niya sa kanila, "Saliksikin ninyo ang Kasulatan para sa oras na ito, at kung wala sa akin ang kwalipikasyong ipinangusap tungkol sa Akin, kung gayon ay huwag ninyo Akong paniwalaan." Ang sabi nila, "Sumasampalataya kami kay Moises."

Ang sabi Niya, "Kung sumasampalataya kayo kay Moises, dapat ay sumasampalataya rin kayo sa Akin, sapagkat nangusap si Moises tungkol sa Akin." At hindi pa rin nila Ako makita. Ang pinaka Diyos ng Langit ay naghihingalo roon sa krus at binibigkas ang mga Salitang ihinula ng mga propetang sasalitain Niya, at hindi pa rin nila nakita iyon. Kita n'yo? Hindi Niya sila kauri. Hindi sa Salita—-hindi sila Salita, at sila'y—-gayunman sila ay—napakarelihiyoso nila. Datapuwat hindi sila ang Salita, dahil dapat sana'y napagkilala nila ang posisyon Nito sa oras na iyon.

39 Pansinin ninyo kung gaano kaganda ang pagkakadugtung-dugtong ng mga Kasulatan sa bawat kapanahunan. Pansinin ninyo ngayon. At nang tanggihan ng daigdig ng iglesia ang pamamahala ng Salita ng Diyos sa kanila, ang tinanggap nila ay isang mamamatay-tao, si Barrabas. Ano ang ibinunga nito? Itinaas nito si Satanas, ang Diyos ng masamang kapanahunang ito, doon sa lugar na matagal na niyang hinahangad. Ngayon ay makinig kayo. Sapagkat hindi sinabing diyos siya ng kapanahunan ni Moises, o diyos siya ng kapanahunan ni Elias, ngunit sa masamang kapanahunang ito siya ang…Oh, huwag sana ninyong palampasin ito! Siya ang diyos ng masamang sanlibutang ito na sinasamba ng milyun-milyon at bilyun-bilyong mga tao, at hindi nila ito nalalaman.

Ngunit hayaan nating ilantad siya ng Kasulatan sa umagang ito, at tingnan natin, nang sa gayon ay malaman ninyo. Hayaan n'yong ang Kasulatan, gaya ng nangyayari sa mga gawain ng discernment kapag nagtungo ang Espiritu Santo at tinatawag Niya ang isang lalalaki at magsasabi, "Hindi mo dapat kinakasama ang mga babaeng iyan. Bakit ginagawa mo iyan sampung taon na ang nakalilipas nang kasamahin mo ang babaeng iyon na asawa ng ibang lalaki?" Ano ang ginagawa Niya? Inilalantad siya, isinisiwalat si Satanas na siyang gumagapos sa lalaking iyon, o sa babaeng nakikisama sa asawa ng iba, o ang mga kasalanang nagawa nila, at ang mga bagay na nagawa nila. Ano ang ginagawa nito? Inilalantad siya.

40 Gumagamit ang mga duktor ng instrumento at sinusuri kung ano ang dipirensiya. Hindi nila malaman. Hindi natin masabi. Ngunit, pumaoarito ang Espiritu Santo, at inihahayag Niya kung ano siya, at inilalantad siya. Kita n'ayo? Iyan ang Saslita ng Diyos. Isa itong Liwanag na nagniningning sa dilim. At gaya ng ingay sa loob ng isang silid, mahiwaga ito sa pandinig. Parang may mga nagtratrabaho, at hindi mo alam kung ano iyon, buksan mo ang ilaw. Magmamadali ang mga kuliglig, mga ipis, sila'y mga—-mga anak ng kadiliman. At kapag suminag ang liwanag, ay nagpapangalat sila. "Nagsilabas sila sa atin, dahil hindi sila kabilang sa atin," ang sabi ng Biblia. Kita n'yo? Hindi sila makapamuhay sa Liwanag ng mundo, sapagkat isinugo na ng Diyos ng Langit ang Kaniyang Liwanag sa huling mga araw na ito upang pasinagin Niya ang landasin para sa Kaniyang mga anak, upang hindi sila lumakad sa kadiliman at madapa, bagkus ay lumakad sila sa Liwanag ng magniningning na Jesus Cristo, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Amen!

41 Pansinin, hindi tinawag si Satanas na diyos ng iba pang kapanahunan kundi ng kapanahunang ito. Inambisyon niyang maging katulad ng Diyos simula't sapul. Basahin natin iyon. Hindi tayo nagmamadali. Balikan natin…tingnan natin; isinulat ko rito, sa Isaias 14. Balikan natin ang Isaias 14 sandali at tingnan natin kung ano ba ayon sa Diyos ang diyos—-kung ano ang ginawa ni Satanas. Isaias 14:12 at 14. Pansinin! Ano't nahulog ka mula sa langit, Oh tala sa umaga, anak ng umaga! Paanong ikaw ay lumagpak sa luap, ikaw na siyang nagpahina sa mga bansa! At sinabi mo sa iyong sarili, Ako'y sasampa sa langit, ang aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Diyos;…(Ngayon, mga anak iyan ng Diyos) …at ako'y uupo sa bundok ng kapisanan, sa mga kaduluduluhang bahagi ng hilagaan:

Inambisyon ni Satanas ang masamba siyang tulad ng Diyos. Kumuha siya ng dalawang ikatlong bahagi—-dalawang ikatlong bahagi ng mga bituin sa Langit, umakyat siya nang higit na mataas sa mga bituing iyon, at nangaral siya sa kanila, at dinaya niya ang dalawang ikatlong bahagi nila. Nakikita ba ninyo? Mabuti. Pansinin n'yo, iyan ang kaniyang ambisyon. At ngayon ay handa na siya sa pamamagitan ng kaniyang buong-ingat na piniling edukadong nobya sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaalaman (kita n'yo?), piniturahan ng pandaray ng mga naglalakihang gusali, at naglalakihang mga denominasyon, at mga pintura ng kaalaaman, at teolohiya, at mga matatalino, at intelektuwal, at edukado, upang dayain ang buong mundo at maging isa siyang diyos (iyan nga ang ginagawa niya!), ang lahat ay patungo na sa persona ng anticristo, na naputungan na bilang kahalili ng Diyos ng kaniyang maibigin sa sanlibutan at maka-agham na nobya, bihis na bihis sa karangyaan ng intelektuwal, makaraelihiyong edukasyon. Naging relihiyoso siya tulad niya, at sa pamamagitan ng sarili niyang pang-uanwa sa Salita ng Diyos gaya ng ginawa niya noon kay Eva, at gaya ng ginawa ng anak niyang si Cain. 79 Ngayon, ang sabi mo, "Anak ni Satanas?"

42 Ipakita mo sa akin kung saan sa Biblia tinawag si Cain na anak ni Adan. Ang sabi ng Biblia ay anak siya niyaong masama, binhi ng serpente. Hindi, naailis na ang takip ngayon, kapatid. Nabuksan na ang pyramid habang naipapakita ang kapahayagan.

Pansinin n'yo kung ano ang gagawin niya, ng inisip niya. inisip niyang nananahan ang Diyos sa makasanlibutang kagandahan. Ginawa niya iyon sa Langit. Hindi nagmula ang kasalanan sa hardin ng Eden; nagmula iyon sa Langit nang si Lucifer, ang anak ng umaga, ay magmataas sa kagandahan at

naghangad siya ng higit na magandang kaharian kaysa kay Miguel. At inakala niyang ang Diyos ay nananahan sa kagandahan.

At napansin n'yo, ayaw ni Cain ng dugong hain. Nanaog siya at nag-alay ng bunga ng parangng kagandahan sa kaniyang asltar. Napakarelihiyoso, ginawa niyang lahat katulad na katulad ng ginawa ni Abel, nag-alay din siya ng hain, nagpatirapa sa harapan ng Diyos at sumamba, masunurin sa lahat ng kaparaanan, subalit walang kapahayagan sa Salita. At ang Salita sa simula't sapul ay ang plano ng Diyos. Ngunit ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng kapahayagan ang bagay ding iyon na Kaniyang binindika at pintunayangtama. Hindi relihiyon, hindi isang altar, hindi ang pagsapi sa iglesia, hindi ang pagsasakripisyo, hindi ang katapatan, kundi sa pamamagitan ng kapahayagan ng Salita ng Diyos. Ipinahayag sa kaniya ng Diyos kung ano—-na iyon ay—hindi kumain ang ina niya ng mansanas na bigay ng ahas, bagkus seskwal siyang nakipagtalik sa persona ni Satanas sa anyo ng isang hayop, hindi isang reptilya, kundi ang pinakamatalino, pinakatuso sa lahat ng hayop sa parang, kahawig ng tao, ang tanging uri na maaaring lahian ng binhi ng tao. Ngayon ay pilit siyang hinahanap ng agham. At hinding hindi nila siya makikita, dahil nabago na ang bawat buto ng kaniyang katawan. Ngunit hinayag ito ng Biblia.

43 Pansinin ninyo kung ano ang gagawin ng taong ito ngayon. Ang taong ito, uupo siya sa templo ng Diyos, iyon ay, ang iglesia, ipapahayag ang sarili niya bilang Diyos. Ngayon, kung gusto ninyong basahin iyan, iyan ay nasa II Tesalonica 2:3 at sa Apocalipsis 13:4, 11 at 12, kung saan ang dalawang propeta ay kapuwa nangusap, sina Juan at Pablo, kung magiging ano siya sa huling mga araw. Ngayon…Basahin ninyo, dahil isinulat ko ito rito, ngunit—para lang makatipid tayo ng oras.

Ang araw na kinabibilangan natin ay tinuran sa Biblia bilang araw ng tao, araw ito ng tao. Hindi ito ang araw ng Diyos. Ang diyos ay hindi Diyos ng lupang ito; ang sabi ng Biblia ay hindi Siya gayon; Siya ang Diyos ng Langit. Ngunit hindi ito ang araw ng pamimili. Isa sa dalawa, kung mabubuhay ka para sas araw na ito at mamatay ka; piliin mo ang Diyos at mabuhay ka; at ang Diyos ay ang Salita. At ang Salita ay ang Salitang naipamalas para sa oras at araw na ito.

44 Pansinin n'yo, ang araw ng tao. Kung nais ninyong isulat, babasahin ko sana, ngunit sa I Corinto 5:1-5—I Corinto 4:1-5, ipagpaumanhin n'yo, I Corinto 4:1 hanggang 5, si Pablo ay nangungusap dito tungkol sa pagahatol ng tao sa araw ng tao.

Ang araw… "Bakit ba ang tawag dito ay araw ng tao?" maaring maitanong mo. Ito ang araw kung kailan ang mga gawa ng kaalaman ng tao ay naluluwalhati. Tingnan n'yo kung ano ang pinagmamalaki ng mga Komunista. May nagsisikap na magpadala ng tao sa buwan. Ang sinisikap ng Diyos ay ang makapagpadala ng tao sa Langit. Kita n'yo? Ngunit tingnan n'yo kung paanong tumututustos sila ng milyun-milyon, bilyun-bilyon, at trilyuntrilyong dolyar sa isang sayang na pagsisikap. Pagdating nila roon ay wala silang makikitang kahit ano. Ano ba ang nagyayari sa kanila? Hindi mahalaga sa akin ang buwan. Gusto kong lampasan ang buwan nang napakabilis hanggang sa ni hindi ko iyon makita, at magpatuloy ako sa pagtaas. Nais kong lampas ang maputing milky way, at magpatuloy ako, at magtuluy-tuloy. Siyanga!

45 At inihahandog ng mga tao ngayon sa sanlibutan ang sarili nila sa kaalamang nagmula kay Satanas; at naluluwalhati ang araw ng tao, hindi ng Salita ng Diyos, kundi ng kaalamang taglay niya. ngayon ay mag-isip kayo, hayaan n'yong bumabayad iyan. At kapag muli ninyong pinakinggan ang tape na ito, sa puntong ito rito ay tumigil kayo at mag-isip. Ang mga gawa niya ay higit na naitataas kaysa sa Salita ng Diyos at sa Kaniyang hayag na mga gawa. Ang karunungan ni Satanas na ibinigay niya kay Eva sa pasimula…Ngayon ay makinig, huwag ninyong palampasin ito! Ang karunungan ni Satanas ay naitaas sa luklukan ng pagsamba sa tao nang higit kaysa sa bindikadong Salita ng Diyos para sa oras na ito. Pinatutunayan iyan ng mga iglesia natin sa pa—pamamagitan ng kanilang mga seminaryo, mga paaralan ng pagtuturo, na maging mas maalam kaysa sa Salita ng Diyos, sa akala nila. At doon, si Doctor Ganito at ganiyan, at si guro Ganito at ganoon, at si professor Ganito at ganoon, mas itinataas na nila ang sinasabing kaalaman nila na pansarili, na nagmula kay Satanas, at higit na itong mataas kaysa sa binindikang pangako ng Diyos na lubos na nailiwanag sa harapan nila. At nahahalina ang tao rito. Kita n'yo? 87 Ang kaniyang maka-agham na tagumpay, pinamamalian ang Salita ng Diyos…Isipin lang ninyo iyan. Siya, ang sa kaniya, sa makatuwid ay ang teolohiya ng tao, ang nagpapaliwang ng Salitas ngDiyos sa mga tao at nawawalan Itong muli ng bias gaya nang naganap noong makadenominasyong kapanahunan nang lumitaw si Jesus dito sa ibabaw ng lupa. Ang sabi ni Jesus, "Kayong mga mapgimbabaw, kayo, sa pamamagitan ng inyong mga tradisyon (iyon ay ang kanilang pagkaunawa) kinuha ninyo ang Salita ng Diyos at inalisan n'yo Iyon ng bisa sa mga tao." At ganiyan din ang ginawa nila ngayon. Wala na Itong bisa.

46 Pansinin, sila, ang mga tao, itinataas nila siya nang higit kaysa alin mang bagay na tinatawag na Diyos. Hindi ba't sinabi ng II Tesalonica na mangyayari ito? At ang kapangyarihan ng isang makadenominasyong iglesia, mas maniniwala ang mga tao ngayon sa denominasyon kaysa sa Diyos—-at ang Diyos ay ang Salita—-mas paniniwalaan pa nila ang makadenominasyon nilang kredo kaysa sa Salita, na siyang nagtaas sa Kaniya nang higit kaysa alin mang bagay na tinatawag na Diyos. At iisa lang ang Diyos, at iyon ay ang Salita. Lahat ng bagay na tinaguriang Diyos…Kaya't siya, bilang Diyos, ay uupo sa

iglesia ng Diyos, pinatutunayan na siya ay diyos, dahil napasasamba niya ang mga tao sakaniya. Ang Diyos ay ang Salita. At itinataas niya ang sarili niya ng higit kaysa sa lahat ng tinatawag na Diyos. At iisa lang ang Diyos, at ang Diyos na iyon ay ang Salita. Kita n'yo? At ang lahat ng mga bagay na tinatawag na Diyos ay…Itinaas ng diyos ng kapanahunang ito ang sarili niya kaysa sa tunay at bindikadong Salita ng Diyos (iyan ay sa San Juan 1. kita n'yo?)—-higit na mataas kaysa sa tawag na Diyos, at siya bilang Diyos, ay uupo sa templo ng Diyos nang may kapamahalaan (tingnan n'yo!); at pinupuri siya dahil dito. Oh, hayaan Mo po, Oh Diyos, na makita ng mga tao ang pandaraya. Pinupuri siya dahil ditto at buong kataimtimang pinaniniwalaan ng mga tao s masamang kapanahunang ito. Ngayon ba'y nakikita na ninyo ang diyos pati na ang kaniyang mga lingkod ng masamang kapanahunag ito?

47 Ngayon, masdan natin itong naipapamalas. Ang sinasabi niya ay lumilikha siya ng isang higit na magandang mundo na kanilang titirhan sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman nang labas sa hindi nabibigong Salita ng Diyos. Ngunit sa ginagawa niyang pagsasama-sama sa mga denominasyon, at mga kredo, at mga intelektuwal, at mga maka-agham, at iba pa, ay lumilikha siya ng higit na magandang mundo na titirhan ng mga tao at binabale-wala niya ang pangako ng Diyos na ang tanging pagkakataon kung kailan ang mundong ito ay magiging karapat-dapat tirhan ay sa Milenyum. Alam n'yo, sa aking palagay, ang nalikha niya ay isang higit na magandang mundo para pagkasalanan sa halip na tirhan.

Pansinin. Ginawa nga ba niya ito? Ginawa niyang legal ang kasalanan. Ginawa niyang legal ang pag-inom ng alak, ang paninigarilyo. At pagkatapos, ay ginawang legal ng mga iglesia na ang isang babae a y maging miyembro ng iglesia kahit maikli ang buhok niya. Ngayon, magtigil nawa siya sandali.

48 Maari siyang magsuot ng syorts, magpinta ng mukha, at kabilang pa rin siya sa kaniyang grupo ng relihiyon, at ito'y salungat na salungat sa Salita ng Diyos. Sinasabi niyang walang masama rito. Nakikita ba ninyo ang kaalaman niya? "Ano ba ang kinalaman niyan sa isang babae?" Para rin iyang pagpitas ng ipinagbabawal na bunga o hindi pagpitas ng pinagbabawal na bunga; iyon 'yon. Sinabi ng Diyos na huwag niyang gagawin iyon, ngunit ginagawa pa rin niya.

At pinaniniwalaan niya siya, at iniibig niya siya dahil dito. Namumuhi siya sa Diyos. Ang mga ikinikilos niya ang nagpapatunay dito. Sinasabi niyang iniibig niya Siya, ngunit si Satanas ang iniibig niya. sinasmba niya ang diyos ng moda, ang diyos ng sanlibutan, ang mga diyosa ng Hollywood. Iniibig niya siya, ngunit napopoot siya sa tunay na Salita ng Diyos, at Ito lamang ang tanging tunay na Diyos. Ginagawa niyang legal ito: "Sa loob ng mga simbahan ay walang masama riyan. Maaring gawin n gating kababaihan ang ganito, ganoon, o ang iba pa." Ngunit sa presensiya ng Buhay na Diyos ay hindi siya pinahihintulutang dumulog maliban magsisi siya. 93 Kita n'yo, siya ang diyos ng makamundong kagandahan; gayon nga siya. Nais niyang maging maganda at siya ang diyos ng kagandahan sa pasimula pa lamang. Magagawa niya at nagawa na nga niya, sa pamamagitan ng kaalaman niya sa agham at ng mga materyales upang lumikha ng ganda para sa kaniyang—-modang kapanahunan, ang makabagong kapanahunang ito pala, ng kasamaan. Nakalikha siya ng kagandahan.

49 Pansinin, makabubuting bigyan pansin, na noong pasimula ay hindi pinili ni Seth at ng kaniyang mga anak ang mka-agham na pamamaraan. Ngayon ay mag-uusap tayo tungkol sa agham sa loob ng ilang minuto. Kung sabihin ko man ito, hindi ko ginagawang dahilan ang akong kaignorantehan, ngunit isang bungkos ng mag ignoramus ang anumang tatanggi sa Salita ng Diyos. Kita n'yo? Siyanga! Makabubuting bigyan ito ng pansin. Masdan ninyo. Hindi tinahak ng mga anak ni Seth ang maka-agham na landasin. Sila ay mga abang tagapag-alaga ng mga hayop, mga magsasaka, at iba pa. Ngunit ang mga anak ni Cain ay tumahak doon. Bakit? Kinasihan sila ng kaniyang ama, ang diablo. Si Cain, kinasihan ng kaniyang ama, ang diablo, at ang mga ito ay kinasihan din naman ng binhing iyon na naisasalin…

Masdan n'yo ang binhi ng Diyos na naisasalin sa bawat kapanahunan, at masdan n'yo kung saan ito patungo ngayon. Ang mga Cristiano, ang mga tunay na Cristian o ay hindi mahilig sa mga scientific research at sa mga bagay na gaya nito. Hindi, sandali lang at dadako tayo riyan. Ngunit ang mga anak ni Cain ay naging ganito, ayon sa kalikasan ng kanilang amang diablo, puspos siya ng makasanlibutang kaalaman, kagandahan at agham, at iba pa. Makaagham ang mga anak ni Cain; mga edukado sila. Mga manunugtog sila ng mga instrumentong pang-musika (isang makabagong Elvis Presley at ang ilan pang mga bagay na tulad nito na pinapayagan ng lupon ng paaralan doon sa kalsaada tuwing Sabado ng gabi), mga tagapagtayo ng mga siyudad, pinagaganda ang mga babae para sa pansariling pita, gaya ng diablo na nagbibigay sa kababaihan ng pinta, at pinaiikli ang kanilang buhok, at pinagsusuot sila ng syorts at ng iba pang mga bagay na gaya nito. Kanilang…Ito'y para sa kanilang mga pansariling karumaldumal na pita. Napakayapak niyan, ngunit wala na akong alam na ibang paraan ng pagsasabi nito.

50 Ngayon, ay alam na natin na ang ebanghelyo ni Satanas ay isang ebanghelyo ng agham at kaunlaran. Ipinangaral niya iyon sa Eden, hindi ang Diyos, kundi si Satanas, ang agham ng kaunlaran. Ang agham at kaunlaran ang ebanghelyo si Satanas. Tingnan n'yo kung saan na niya tayo naakay sa araw na ito sa pamamagitan nito. Kita n'yo?

Pansinin, ipinangaral niya iyon sa Eden kanino? Sa nobya ni Adan napaibig siya roon. Dinaya niya siya upang kuwestiyunin niya ang isang Salita ng Diyos. Tingnan natin kung ano ang maaaring sinabi niya. marahil ay sinabi niya, "Hindi maka-agham ang mamatay sa banal na iglesiang ito," o kaya nama'y, "Papag-aralin ka at tuturuang huwag maniwala sa mga hindi katanggaptanggap na mga bagay tulad ng kamatayan. Kahit pa sinabi iyan ng Salita ng Diyos hindi iyan katanggap-tanggap. "

51 Oh, tingnan mo siya ngayon. "Ang Diyos ay isang mabuting Diyos. Nasa loob ka ng Kaniyang banal na iglesia. Aba, hindi ka maaaring mamatay!" Ngunit sinabi ng Diyos na mamamatay ka, at iyon na iyon! Nakikita ba ninyo siya ngayon? "Oh, basta't sumali lang kayo sa aming simbahan. Hindi mahalaga kung ano ang ginagawa mo, o ang ganito, o ang gaiyan, o ang iba pa. Basta't magsimba ka lang at maging isa kang mabuting kasapi. Ang pagpapaputol ng buhok, walang kabuluhan 'yan. At ang pagsusuot ng syorts at pagme-make-up, at pagdalo sa mga sayawan, at ang pag-inom ng beer paminsan-minsan, hindi ito makakasama sa iyo, basta wag ka lang sosobra. Ang totoo, sana ay uminom din ang mga anak ninyo, para matutunan nila kung gusto ba nila iyon o hindi." Hayun siya, ang diyos ng kapanahung ito, ng masamang kapanahunang ito.

"Ang Diyos ay isang mabuting Diyos." Lagi ko na lang naririnig iyan hanggang sa gusto ko nang masuka. Ang Diyos ay Diyos din naman ng katarungan. Hindi Siya mapagkunsinting lolo na napagtutulakan at walang kasalanan ang Kaniyang mga apo; Diyos siya ng katarungan at kabanalan. Pinatunayan Niya iyan sa hardin ng Eden sa una Niyang mga anak. Subukin mong tawirin ang guhit na iyan ng isa sa Kaniyang mga Salita at mamamatay ka. Ganiyan pa rin hanggang ngayon.

52 At pansinin n'yo na ang ipinangaral niya ay ang gayong uri g makaagham, pamlipunan, aral, maunlad na ebanghelyo kay Eva, at pinaniwalaan naman iyon ng nobya ni Adan. At nagtagumpay siya sa pamumuspos sa tinaguraiang nobya ni Cristo, ang iglesia ng Ikalawang Adan, ng mga katulad na pangangatwiran. Tama 'yan. 101 "Oh, hindi iyan—-hindi iyan magagawa ng Diyos. Napakabuti ng Diyos para gawin Niya iyan. Aba, hangga't nagsisimba ka. Kung maniniwala ka…" Ang diablo ay naniniwala rin, hindi siya nagkukunwari, bagkus ay totoo siyang naniniwala. At hindi siya ligtas. "Kung sasampalatay ka lang…"

Sinasabi niya sa ikalawang nobya—-o nobya ng Ikalawang Adan ang katulad ng sinabi niya sa una, gaya ng, "Ngayon, ang makadiyos na pagpapagaling, walang ganiyan. Patutunayan namin iyan. Wala pa silang napapatunayan kahit isang kaso. At itong bautismo sa Ngalan ni Jesus, ngayon, hindi ba ninyo nalalaman na ako ang may kapamahalaan sa iglesia," ang sabi niya, "Tinapos na naming iyan doon sa Nicaea, Roma," nang ang tatlong maruruming espiritu ay lumabas sa dragon, ang mga bulaang propeta at iba pa. "Naniniwala kami na may Trinidad ang mga diyos." Oh, alang alang sa kabutihan. Iyan ay paniniwalang hiteno. Huwag na huwag kayong lalapit sa Diyos nang may ganiyang kaisipan, at magtatangkang tumayo sa Kaniyang presensiya. 103 "Oh, wala naming kaibahan iyon kung sakaling mabautismuhan ka sa mga titulong Ama, Anak, at Espiritu Santo. Ano ba ang kaibahan?"

53 Napakalaki ng kaibahan niyan hanggang sautusan ni Pablo ang isang grupo ng mga Baptist na kailangan nilang muling magpabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo bago sila tunguhan ng Espiritu Santo, at naging dahilan din iyon upang ang apostol na iyon ay sumigaw, "Kahit pa anghel ang bumababa mula sa Langit at mangaral ng iba, ay masumpa siya." Tiyak na may kaibahan. Ay, naku! "Wala 'yang sinasabi ninyong bautismo ng Espiritu Santo sa panahong ito. Para lang iyon sa mga apostol. Lipas na iyon. At iyang sinasabi n'yong mga propeta? Wala kaming alam na ganiyan. Mga himala? Hindi maka-agham ang mga iyan. Malakias 4? Para iyon sa ibang panahon. Juan 14:12? Oh, hindi naman talaga ganoon ang gustong sabihin ni Jesus. Lucas 17:30? Oh,isa lamang iyang pabula." Anong laking kabulukan, samantalang ang makapangyarihang Diyos ay bumababa sa ating kalagitnaan at pinatunayan ito. Kapag sinabi Niyang si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man, pinatunayan Niya ito. Hindi mahalaga sa akin kung sino ang tatanggi rito; ang Diyos ang nagpapaliwanag ng Sarili Niyang Salita. Sinabi Niyang gagawin Niya ang bagay na ito sa huling mga araw: Magkakaroon ng Liwanag sa panahon ng gabi." At may Liwanag sa para sa pagpapamalas ng Anak ng Diyos.

54 Ang araw na sumisikat sa silangan ay siya ring araw nalumulubog sa kanluran. Ang sabi ng propeta, "Magkakaroon ng isang araw na hindi matawag na araw o gabi." Ito'yy mapanglaw; natatakpan ng mga ulap ang mukha ng araw. Datapuwa't ang sabi, "Sa panahon ng gabi ay muling sisilay ang Liwanag." Ang siya ring Anak, Siya ang Alpha at Omega. Ang araw na sumisikat sa silangan ay naihulang muling sisikat sa kanluran sa mga huling, bago magwakas ang maghapon. Hindi ko alam kung paano nila ipinaliliwanag ito; ang Diyos ang nagpapaliwanag ng sarili Niyang Salita. Pinatutunayan Niya ito. Ito na ang oras ng gabi.

Malungkot ito, ngunit muli siyang napaibig nito. Ang nobya ni Cristo ay muling napaibig dito at tinanggap niya ang intelektuwal na kaalaman ng kung sinong mangangaral na galling sa seminaryo, sa halip ang paniwalaan niya ay ang puro, bindikadong Salita ng Diyos.

55 Ngayon, mga ministro, diyan sa lupain, saan man kayo naroroon ngayon, maaaring hindi kayo

sumang-ayon dito; hindi ko kayo sinasaktan. Sinisikap ko lang na…Nangungusap ako sa aking sariling kalipunan. Kita n'yo, kita n'yo? Sinisikap ko lang na…Kung gusto ninyong maupo rito, ikagagalak king marinig ninyo ito. At pagkatapos ay pakinggan ninyo ito. Kita n'yo? Ngunit sinasabi ko lang sa kanila kung ano na—-kung anon a ang nakita nila, at ipinakikita ko ito sa kanila, ang Diyos ang nagpapatunay na ito ay tama. Kita n'yo? Ito na ang oras. Hindi Siya nangangailangan ng tagapaliwanag. Ang iyong makamundong kaalaman ay walang kinalaman. Marahil ay mayroon kang B.A, D.D, A.D., o kung ano man iyon; wala iyang kabuluhan. Ang Diyos mismo ang nagpapaliwanag ng Sarili Niyang Salita. Ipinangako Niya ito, at heto na nga.

Ngunit sa kaalaman ng seminaryo, ng makadenominasyong pangangatal, ito ang nagbunsod sa buong mundo upang mamangha sila sa hayop na ang sugat na nakamamatay ay naghilom, mula sa pagiging pagano ay nagig makapapa. Nakikita ba ninyo kung saan na siya patungo? Pinaniniwalaan niya ito. Pinaniniwalaan niya ang kaalaman sinasabi sa kaniya.

56 Ito ay…Ngayon ay masdan n'yo! Ang nangyari, ang dalawang nakatakda nang ikasal na nobya ay mas naniwala sa kaalaman ni Satanas kaysa sa Salita ng Diyos. Ang nobya ni Adan ay higit na naniwala sa kaalaman ni Satanas kaysa sa Salita ng Diyos, at nag nobya ni Cristo at higit na naniwala sa kaalaman ni Satanas sa intelektuwal na masamang kapanahunang ito kaysa sa Salita ng Diyos. At pansinin n'yo, si Eva, sa natural ay naniwala rito at nasadlak ang buong sangkatauhan sa kamatayan. Ang natural na nobya…si Adan, ang natural na lalaki sa lupa, ang nobya niya, bago pa niya siya mapangasawa, isinadlak na niya ang buong sangkatauhan sa kamatayan. Maka-agham man ito o hindi, namamatay ,pa rin tayo, 'pagkat sinabi ng Diyos na mamamatay tayo. Kung ikaw man ay nasa banal na Eden, o nasa, loob ng banal na iglesia o ng banal denominasyon, o anuman iyon, mamamatay ka sa araw n ahindi mo paniwalaan ang kahit isa lang sa Salita ng Diyos na ito'y Katotohanan samantalang nabibindika Ito at napapatunayan sa iyo. Iyan ang araw na ihihiwalay mo ang sarili mo sa Diyos. Hindi ang buong pangungusap, isang salita lang. Ang sinumang magdagdag ng isang salita o magbawas ng isang salita, iyan na ang araw na ang iyong kamatayan.

57 Pansinin n'yo. Naging dahilan ang nobya ni Adan ng natural na kamatayan sa kaniyang lipi, at ang nobya ng ikalawang Adan, ang nakatakda nang ikasal na nobya ni Cristo, ay nagsadlak sa buong iglesia sa isang makadenominasyong kamatayan, upang tanggapin ang tatak ng hayop, sa pamamagitan ng maka-agham, intelektuwal, naglalakihang denominasyon. "Mga Baptist kami," "Mga Presbyterian kami." "Mga Pentecostal kami," at iba pa. "Mayroon kaming ganito, at mas marami kaming mga pag-aari. Kinikilala kami ng pamahalaan, kalat na kami sa buong mundo," at lahat ng iba pang mga bagay na gano'n. "At ang pinakamahusay na…Ang alkalde ng bayan ay sa amin dumadalo." At, "Ang Pangulo ay dumadalo sa aming misa, at kami'y—dumadalo sa ganito, ganoon, o sa iba pa." Ang buong mundo ay naisasadlak na sa isang espiritiuwal, maka-denominasyong kamatayan, ang buong iglesia. Patay na siya! Sasabihin mo, "Masyado nang malawak ang sinasakop mong teritoryo."

Ang sabi ni Jesus, "Kung paano ang mga kaarawan ni Noe, kung saan ay wawalo lang ang naligtas, gayon din ang magaganap sa pagdating ng Anak ng tao. Sa mga kaarawan ni Lot kung saan ay tatatlo ang nakalabas sa Sodoma, sa araw na iyon…" Ngayon, mayroon nang isang grupong nasa labas, alalahanin n'yo, datapuwa't kung paano noon, ay gayon din ang mangyayari sa panahon ang Anak ng tao ay maipamalas na. timingin kayong mabuti; tingnan n'yo kung saan na tayo nabubuhay.

58 Ngayon, ibinunsod na niya ang buong mundo upang tanggapin ang makaagham na pamumuno ng programa ng edukasyon na ibinigay sa kaniya ni Satanas sa pangalan ng iglesia, ang pamumuno ng maka-edukasyon, makaagham na programa. Inilalarawan ko sa inyo ang diyos ng sanlibutang ito. Samantalang siya, gaya ni Eva, hawak niya ang pinaka sustansiya ng Salita ng Diyos sa kaniyang kamay…Dapat sana'y tinanggap niya ang Salita ng Diyos, ngunit ano ang ginawa niya rito? Sa halip na maghintay siya para matanggap niya ang Espiritu Santo, ay hinayaan noyang patunayan sa kaniya ng agham na ang Espiritu Santo ay para lamang sa mga alagad. Sa halip na ituloy niya ang makadiyos na pagpapagaling, ay dapat sana ay bumubuhay na siya ngayon ng mga patay at nakagagawa ng mga dakilang himala, hinayaan niya si Satanas, sa pamumuno ng relihiyosong tao na kunin ang Salita ng Diyos at igiit na para Iyon sa ibang panahon. At pinaniwalaan niya iyon.

59 Samantalang ang sabi ng Biblia, "ang mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin n'yo rin," sinabi iyan ni Jesus… "Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal." Mga kinapal pa rin tayo. "Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa lahat ng magsisisampalataya." Itinatanggi niya ang bawat isa sa mga ito. 114 Itinatanggi niyang lahat ang mga bagay na sobrenatural,dahil ipinagpalit niya ito sa intelektuwal na pagkaunawa ng biblia, kung saan ang mga pari, at ang mga banal na ama, naturingan, kung saan ang obispo, at arsobispo, kung saan ang mga district presbyters, at mga general overseer, at iba pa, ay naglagay na ng kani-kanilang paliwanag Dito. At hinayaan sila ng Diyos na maupo roong kasing patay ng alas dose. At ang tanging naiwan sa mga huling araw ay ang bungkos ng mga Pentecostal na napakalakas ng tugtugan, nagtatakbuhan, nagsasalita ng ibang wika at naghihiyawan, at may anyo ng kabanalan, ngunit itinatanggi ang Salita. Sabihan mo silang magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at pagtatawanan ka nila. Ngunit ang…patuloy na

pinatototohanan iyon ng Diyos sa kabila nito, pinatunayang ang Salita Niya ay totoo.

60 Pansinin. Ang punung-kahoy na pinakainan ni Satanas kay Eva ay ang punung-kahoy ng mabuti at masama. Isa iyong pinaghalong puno. Ngayon, tingnan n'yo ang araw na kinabubuhayan natin. Sa panahong tianatawag Niyanmg panlabas ang nobya, mayroon siyang iglesia na nag-aangking gumagawa siya ng mabuti samantalang masama naman siya dahil sa ginagawa niyang pagtanggi sa Salita. Isang pinaghalong puno. Oh, ang sabi, "May—mayroon silang mga dakilang kapisanan. Tu—-tu—-tu—-tumutulong sila sa ganito. At iniindorso ito ng Red Cross, at lahat ng mga paaralan, sila ay…" Tingnan n'yo ito! Oh, ngunit kapag may tinanggihan kang isang Salita lamang; iyon lang ang kailangan mong gawin para ka mamatay, kahit gaano ka pa kaintelektuwal, at gaano ito kagaling. Ang sabi ni Jesus, "Ang kaunting lebadura ay nakakahawa sa buong kimpal." Isang budbod lamang ng lebadura ay sapat na upang masira ang buong kimpal. Isang Salita lamang ng Diyos na mawala sa tamang puwesto ay sapat na upang sumira sa buong larawan. Ano kaya't ang bisig ko ay napunta sa kinalalagyan ng paa ko? Kita n'yo? Ano kaya't ang bisig ko ay napunta sa puwesto ng kamay ko? Kaunting lebadura lamang ay sapat na upang hawahan ang buong kimpal.

Sasabihin n'yo, "Paano mo nalamang tama nga iyan?" Ang Diyos ang nagpapatunay na ito nga ay tama. Binindika Niya ito. Sinabi Niya ito dito sa Salita, pagkatapos ay pinatutunayan Niya ito. Iyan ang paraan kaya natin nalalaman kung tama ba ito o hindi. Itanggi mo lamang ang isang Salita, iyon lang ang kailangan para ka mamatay. Gano'n din ang ibinunga nito sa masamang kapanahunang ito, espiritual na kamatayan, gaya rin noon, na ang ibinunga amy pisikal na kamatayan sa buong sangkatauhan.

61 Pansinin ninyo kung paanong naturuan ni Satanas ang maka-agham na kapanahunan ni Noe na magtiwala sa kanilang sariling pang-unawa. Sinabi sa atin ng Biblia sa Mga Kawikaan, "Huwag tayong magtiwala sa ating pansariling pang-unawa." At, "Ang salita ng bawat tao ay kasinungalingan, at ang Diyos ay katotohanan." Ngunit si Satanas sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman mula pa sa pasimula sa hardin ng Eden, ay nagturo sa mga tao na sumandig sa kanilang sariling pang-unawa. At alam n'yo, sa pamamagitan ng kaniyang dakilang mga gawa ng Max Factor na taglay niya noon pa man, ay napaganda niya ng husto ang mga babae, hanggang sa nahahalina ang mga anak ng tao—-ang mga anak pala ng Diyos na nahulog sa kasalanan at nakipagasawa sa kanila. Tama! Kaniyang…Napakagaganda ng mga babae noon, napakakaakit-akit.

Ngayon, kumuha ka ng karaniwang babae sa lansangan sa araw na ito. Marami sa inyo ang nakabasa ng kiwento; hindi n'yo pa marahil nabalitaan iyon dahil nangyari iyon bago pa dumating ang panahon ko. Si Pearl O'brien, ilan ba sa inyo ang nakabalita na tungkol sa kaniya? Siyanga, siya noon ang pinakamagandang babae sa buong mundo. Aba, walang estudyanteng babaeng pumapasok sa eskuwela ngayon ang hindi doble ang ganda kaysa sa kaniya ngayon. Bakit gano'n? ang kagandahan ng mga kababaihan ay nakatakdang maganap sa huling mga araw. Ginupit na nila anng buhok nila, pinagbihis na sila ng maiikling mga bestida. Pinagsuot na sila ng syorts, at bikikni, at lahat na ng klase, upang gawin silang isang bagay na hindi naman totoong sila. Kita nyo? Datapuwatsa pamamagitan ng maka-agham na kaalaman, ay nagawa nila ang mga bagay na ito. Alam ba ninyo na mas maraming salapi ang nagugugol sa cosmetics ng mga babae, sa Estados Unidos, kaysa sa ng ginugugol ng mga tao para sa pagkain, doble o triple pa marahil? Mapapatunayan ko iyan (tama), para sa cosmetics.

62 Pansinin n'yo, nakita ng mga anak ng Diyos ang mga anak na babae ng tao, hindi ang anak na babae ng Diyos, kundi ang anak na babae ng tao, na sila ay magaganda. At naging dahilan iyon upang mabuyo ang mga anak na lalaki ng Diyos, at nagsipag-asawa sila ng gayong uri ng mga babae. At iyon ang nagpasimula ng kapanahunan ng prostitusyon, gaya ng nagaganap sa araw na ito, gaya ng naganap sa Sodoma, gaya nang naihula para sa araw na ito, kung kailan ang mga lalaki't babae ng panahong ito ay nagpapalitan ng mga asawa. Kung ayaw nila sa asawa nila, pu—-pupunta lang sila sa Reno, sa Nevada, at doon sila magpapakasal at ididiborsyo ang dating asawa at magpapakasal sa iba sa—-sa loob lamng ng kabinlimang minuto. At naggagandahan ang mga kababaihan na halos ay hindi ka makatanggi. At ano iyon? Ang diablo! Kita n'yo? Si Saatanas ay nasa kagandahan pa rin hanggang ngayon!

Pansinin, pansinin! Hindi napatawad ang kasalanang iyon. Ang napakaganda, maka-agham na kapanahunang iyon, ang masamang kapanahunang winasak ng Diyos mula sa balat ng lupa, ang maganda at makaagham na kapanahunang iyon. Ang sabi ni Jesus ay muling magkakagayon bago dumating ang Anak ng tao. Tama ba?

Pansinin. ang sabi ni Jesus, "Kung paano ang mga kaarawan ni Noe, ay magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng tao." Nang lahat sila ay magsipag-asawa…Ngayon ay masdan n'yo, ang mga anak ng Diyos ay nagsipag-asawa ng naggagandahang mga anak na babae ng tao, at hindi sila kailan man pinatawad ng Diyos sa kasalanang iyon.

63 Kagayang kagaya ng aral ni Balaam na tinuruan niya ng mga naggagandahan, matatalino, maka-agham na kababaihan ng Moab na—-sa pamamagitan ng kanilang mga matang mapang-akit, ng kanilang mga pulbos at pinta, at ng mga mamahaling pabango, na akitin ang mga anak na lalaki ng Diyos at

huwag pansinin ang mga kasama nilang kababaihan na marunong gumawa at may kalyo ang mga palad at mga walang walang make-up. Inakit sila, at ang sabi sa kanila, “Magasawahan tayo dahil iisang lipi lang naman tayo.” Iyon ay isang kasinungalingan! Iyon ay isang—-isang kasinungalingan at kagagawan ng diablo upang makumbinsi niya ang mga anak ng Diyos upang makipag-asawa sa—- mga anak na babae ng tao. Kasinungalingan ng diablo ang ginawa ni Balaam, ang bulaang propetang iyon, na nagtangkang manghula laban kay Moises na nagsikap na panatiliing buo ang lahing iyon, nang sabihin niya, “Buweno, iisang Diyos naman ang pinaniniwalaan natin, ah. Iisang handog ang iniaalay natin. Makakapagpareho ang mga hain natin. Magkatulad na magkatulad ang mga ginagawa natin.” Hawig na hawig na dadayain pati na ang Hinirang kung maari lang. Kita n'yo? Lumayo kayo sa kaniya bayan. Huwag kayong makisama sa kaniya.

64 Pansinin, hindi maaring mangyari naipaliwanag ng Diyos ang Kaniyang Salita s masamng salinglahi ni Cain. Ngayon, hindiipalliliwanag ng Diyos ang Kaniyang Salita sa kanila. Pansinin…[tapos na ang side 1 at nag-umpisa ang side 2 nang hindi kumpleto-Ed. ]…Diyos, ang kaalaman upang makagawa ng isang mundong napakaganda at maka-agham at makasalanan kung kaya't kinakailangang wasakin Niya iyon? Gagawin kaya ng Diyos iyon, ang pagandahin nang husto ang mundo? Tingnan n'yo, ang pagandahin ng Diyos ng husto ang mga anak Niyang babae, at damtan sila nang kaakit-akit upang ang mga anak Niyang lalaki ay magnasasa kanila at makiapid? Ano? Ang Diyos, gagawa ng gano'n? Ang hubad, natalupang lupong ito ng mga tagaLaodicea, sumasamba sa diyos ng sanlibutang ito sa pamamagitan ng kanilang mga kabutiahang asal, at edukasyon, at katusuhan, at kagandahan… “Lumabas kayo sa kaniya!” ang sabi ng Biblia, “Huwag kayong makisama sa kaniyang mga kasalanan at huwag n'yong tanggapin ang kaniyang mga salot.” Magpapaulan ang Diyos mula sa langit ng yelong mga timbang ay isandaang libra bawat piraso at wawasakin siya sa pamamagitan ng pambabato gaya ng isinasaad ng Kaniyang Salita na lagi Niyang ginagawa, ang Kaniyang mga kautusan. Buweno, kung ginawa ng Diyos ang bagay na iyon, hinayag Niya ang Salita Niya sa gayong mga tao, para na Niyang ki—-sinalungat ang sarili Niyang layunin. Hindi mangmang ang Diyos; Siya ang pinagmulan ng lahat ng karunungan. Kaya nga nakikita nab a ninyo kung saan nagmula ang bagay na iyon? Galing iyon kay Satanas, at hanggang ngayon ay kay Satanas pa rin iyon. At pinaniwalaan iyon ng iglesia.

65 Ngayon, kita n'yo mga babae, sinisikap kong ipakita sa inyo ang Salita ng Diyos. Ang sabi ng Biblia, kapag ginupitan daw ng babae ang kaniyang buhok, ay winawalang galang niya ang kaniyang ulo, na kaniyang asawang lalaki. At ang asawa niya ang ulo sampu mg Diyos. Kaya't ang winawalang galang niya ay ang Diyos at ang asawa niya.

Ngayon, ipinakikita nito kung sino ang ulo ng sistema ng iglesia ng sanlibutang ito. Ipinakikita niyan kung sino ang pangulo nito. Si Satanas iyon sa anyo ng isang taong superman na punung-puno ng kaalaman, isang super-kaalaman.

Mas marunong pa siya kaysa sa kanilang lahat. Kahit ano pa ang sabihin ng Salita, may—-mayroon siyang sariling pagpapaliwanag Nito (kita n'yo?), ang pagpapaliwanag para sa masamang kapanahunang ito.

66 Pansinin n'yo ang balak niyang bumuo ng isang super makadenominasyong iglesia, ang Pandaigdig Konseho ng mga Iglesia (kita n'yo), isang super denominasyon, upang ang lahat ng tao sa buong mundo ay sumamba sa kaniya, sa hayop, sa ilalim ng pinagkaisang Cristianismo. Gusto ba ninyong basahin iyan sa Biblia? Apocalipsis 13:6 at 8. Ito'y isang makabagong tore ng Babel.

Hindi ba ninyo naaalala kung paanong si Nimrod, ang mapagpaimbabaw na iyon, ay nagtayo ng malaking moog at inutusan niya ang lahat ng ibang maliliit na mga bayan na magbuwis dito? Ang babble at Babel ay iisa. Nababago lang ang tawag dito sa paglipas ng panahon. Ito'y—-ang Roma ngayon ang Babilonia. At ang buong mundo ay dinadala sa Babilonia, at ang nagdadala dito ay ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia, na siyang mag-uutos sa bawa't isa sa kanila na yumukod sa kaniya. At nagpatatak ka na pala sa hayop ay hindi mo pa nalalaman ang ginagawa mo…?...Datapuwa't yaong mga hinirang ay makikinig sa Salita at magsisilabas dito.

67 Salungat na salungat ang denominasyon sa Salita ng Diyos. Kailan man ay hindi Siya nagkaroon nito, at kailan man ay hindi Siya nakitungo rito. Nais kong ipakita sa akin ng sinumang mananalaysay kung kailan nangyari na lumitaw ang isang propeta mula sa isang iglesia. Ipakita n'yo sa akin kung kailan nangyari na pinagpala ng Diyos ang iglesia na—-matapos na ito ay maging organisado. Naitabi na siya at namatay na dahil sa intelektuwal na karunungan na nagmula sa diablo sa pamamagitan ng kanilang mga lider at tinanggihan ang Salita ng Diyos sa paglaki Nito sa sakdal na sukat ni Cristo. Ngayon, nasa—-nasa ulo na ito. Gaano kasalungat…Humiwalay kayo sa Evang iyan na ayaw sumampalataya, kayong mga anak ng Panggabing Ilaw.

Si Satanas, ang diyos ng kapanahunang ito, sa pamamagitan ng kaniyang karunungan, pinakakain niya nag mga tao mula sa pinaghalong punong ito ng mabuti at masama…Pansinin n'yo si Satanas, sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman, nagbubunsod sa mga tao ng masamang kapanahunang ito na

kumain mula sa punong-kahoy ng mabuti at masama. Sinasabi niya na magtatatag siya ng isang higit na dakilang kabihasnang Cristiano sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ng mabuti at masama, isang higit na dakilang kabihasnang Cristiano. Datapuwa't ang munting birhen ni Cristo, ang kawan ng Salita, ang Nobya ay hindi papansin sa alok niyang kaalaman. Nananatili siyang malaya sa kaniya. Ano ito?

Ngayon, pag-usapan natin Siya sandali. Naghihintay Siya sa Kaniyang Panginoon at sa Kaniyang pulot-gata sa Milenyum (Tama 'yon!) kapiling ang Salitang Nobyo dahil Siya ang Salitang Nobya.

68 Ang kaalaman at kabihasnan, at tunay na Cristianismo ay walang pinagkakaisahan. Ang kabihasnan at ang tunay na Cristianismo ay walang pinagkakaisahan ni isa. Ang kabihasnan ay umiiral sa pamamagitan ng kaalaman. Alam nating lahat iyan. At ang kaalaman ay nagmula sa Eden—-pinatunayan niya ito sa pamamagitan ng ipinangaral niya sa Eden—-at ang kaalaman ang sanhi ng kamatayan. Tama ba iyon? Ano ba ang naging sanhi ng kamatayan sa hardin ng Eden? Ang kaalaman. Buweno, hindi maaaring sa Diyos iyon, kaya sa diablo iyon.

Whew! Ang ganda no'n ah! Ang kaalaman, ang agham, ang edukasyon, ang naging pinakamalaking hadlang sa Diyos. Ito'y sa diablo. Ngayon, makatatanggap ako ng sulat tungkol diyan, alam ko. Hinihintay ko ang mga iyon.

Tingnan n'yo kung saan na tayo dinala ng kultura ngayon. Kita n'yo? Tingnan n'yo kung anon a ang nagawa nito. Nasaan na tayo? Sumandig tayo sa mga bagay na iyon sa pamamagitan ng ating sariling pangunawa sa pamamagitan ng agham. Baka sabihin mo, "Paano naman ang Diyos? Sa palagay mo kaya ay ignorante Siya?" Ay, hindi! Itatatag ng Diyos ang sarili Niyang kabihasnan sa ibabaw ng lupa kapag pinamahalaan na Niya ito. Ito ay mundo ni Satanas; siya ang diyos ngayon ng makasanlibutan at makaagham na kaalamang ito. Ngunit itatatag ng Diyos ang sariling Niyang uri ng kabihasnan. Hindi iyon katulad nito; tandaan n'yo 'yan. Hindi iyon katulad ng kabihasnan natin ngayon. Hindi, hindi! Iyon ay aayon sa Kaniyang Salita at layunin. Sapagkat ang diyos ng kasulukuyang masamang kapanahunang ito ay mawawasak, sampu ng kaniyang kaharian.

69 Wala nang mas gagaling pang lider kaysa lider ngayon ng makabago, maibigin sa kaalamang kapanahunang ito na si Satanas, ang tagabaluktot ng Salita ng Diyos, gaya nang sinimulan niyang gawin sa hardin ng Eden. Ngunit isa siyang relihiyosong tao na nagtitiwala sa sarili niyang pang-unawa—gaya ng sinabi ko kanina tungkol sa Mga Kawikaan 3:5, na hindi tayo dapat magtiwala sa ating sariling pang-unawa—-kailangan nilang magkaroon ng isang diyos, dahil sila'y mga tao, gayunman ay ginagawa Niya anumang naisin nila. Bilang mga tao, sa tuwina, ang lahat ng tao…Nang dumating tayo rito ay nasumpungan natin ang mga Indian na nagsisisamba sa mga diyus-diyosan, sa araw, at sa lahat ng bagay. Bilang tao, kailangan nilang magkaroon ng diyos. Kaya't ang dakila at intelektuwal na kapanahunang ito ay kailangang magkaroon ng diyos. Kaya nga naging —-ang naging diyos ng sanlibutang ito ay ang kaalaman, denominasyon, agham, na may anyong kabanalan, ngunit tinatanggihan ng kapangyarihan nito.

70 Pansinin, ginagawa ng diyos nila ang anumang naisin nila. Nais nila ng pita ng laman. At iyon nga ang ibinibigay niya sa kanila. Gusto nilang mag-bikini, hayaan mo lang sila,(Kita n'yo?) kung gusto nilang gawin ang ganito, o ang ganoon, hayaan mong gawin nila iyon. Walang masama diyan; nagsisimba sila. Ang ina nila ay Metodista, Baptist, Pentecostal, Presbyterian, hayaan mo lang sila." Iyan ang diyos ng masamang kapanahunang ito. Matalino, tuso, maka-agham, hindi na ito nangangailangan ng pananampalataya. Hindi na nito kailangang patunayan pa ang anumang bagay. Napatunayan na nila ito sa pamamagitan ng kanilang kaalaman. "Aba, kami ang pinakamalaking iglesia sa buong bayan. " Ang kaalaman nila… "Ang mga pastor naming ay may titulong D.D., Ph.D. " Kita n'yo? Hindi na kailangan ang pananampalataya, nakasandig sa kaalaman. Hayaan n'yo silang mamuhay sa paraang nais nila basta't sumasamba sila sa pamamagitan ng kanilang denominasyon at kredo. At may malaking black-eye diyan, ngunit tingnan n'yo ito.

Pinagtatawanan ang Salita ng Diyos, nagsasalita ng mga bagay na salungat sa Salita, at pinagpipilitang patunayan sa pamamagitan ng kanilang maka-agham na kaalaman na ang Salita ng Diyos ay hindi totoo. Oh, anong kapanahunan itong kinabibilangan natin. Nakikita na ba ninyo ang diyos ng kapahunang ito?

71 Pansinin, ngunit naghihintay lang ang Diyos na mapuno ang kasamaan ng mga Amorita. Huwag kayong mag-alala, ihahanda Niya ang Moises Niya pagsapit ng oras na iyon. Balang araw ay magkakaroon ng isang exodus tungo sa lupang pangako. May Moises na darating at ilalabas niya, ipapanumbalik niya ang pananampalataya ng mga anak sa mga magulang. Mangyayari ito sa mga araw na ito. Ang…Sasabihin mo, "Tingnan mo nga kung gaano kami umuunlad." Siyanga, hindi pa kasi puno ang kasamaan ng mga Amorita. Mangyayari ito isa sa mga araw na ito, hayaan mong wasakin nila ang sarili nila. 134 Ang kabihasnan, ang kasalanan ang siyang bumaluktot sa Salita ng Diyos upang umakma ito sa kanilang panlasa. Bawa't denominasyon ay ganiyan ang ginagawa. Ipinangangaral ni Satanas kung gayon ang sarili niyang ebanghelyo sa sarili niyang iglesia.

72 Dalawang uri lang ng tao ang binabanggit sa Bagong Tipan, ang mga anak ng Diyos at ang mga anak ng diablo. Alam ba ninyo iyan? Nais ba ninyong isulat ang Kasulatan tungkol diyan? Sa 1 Juan 3:10, kung gusto n'yo sa Kasulatan. Binabasa ko ito rito, isinulat ko ito. Sige. Sige. 136 Sa Efeso 2:2, ang tawag sa kanila ay mga anak ng pagsuway, gaya ni Eva, masuwayin sa Salita ng Diyos.

Ang anak ng pagsunod at ang anak ng pagsuway ay walang pinagkakaisahan. Kung gayon paano magagawa ng Nobya ni Cristo ang makisama sa denominasyon samantalang ang isa ay masuwayin at ang isa naman ay masunurin? Paanong mangyayari iyon samantalang ang isa ay ang Salita at ang isa naman ay ang binaluktot na salita? Paanong magkakasundo ang isang patutot at ang isang malinis na babae? Hindi maaari. Wala silang anumang maaaring pagsamahan. Lumabas kayo sa kaniya. Iyan ay sa diablo; iyan ang tatak ng hayop, patungo na ito ngayon doon, lahat ng denominasyon, kahit ano pa iyon. Ang Diyos ay kukuha, hindi ng isang denominasyon, kundi ng isang bayan para sa Kaniyang Pangalan. Hindi matatanggap ng isang denominasyon ang mga Katotohanang ito, kakailanganin ang isang indibiduwal na nakakakita sa Diyos, at makatitingin sa Kaniyang Salita, at sasampalataya Rito, at hindi sasapi sa anumang organisasyon, bagkus ay mabubuhay para sa Diyos, hindi para sa kaniyang organisasyon o sa intelektuwal na karunungan ng kung sinong Obispo o kung sino man iyon na nagturo sa kanila. Tama.

73 Ang mga anak ng pagsunod at ang mga anak ng pagsuway ay walang pinagkakaisahan. Ang isa—-ay sa araw at liwanag, ang isa naman ay sa gabi at kadiliman, sa masamang kapanahunan, ang masamang kapanahunang ito ng kadiliman, ng mga nightclub, sayawan, pero kabilang pa rin sa iglesia. Okey lang iyon sa diyos nila. Hindi sila binababagabag ng kanilang kunsensiya; walang anumang bumabagabag sa kanila. "Aba, hindi naman ako nababagabag kapag ginugupitan ko ang buhok ko," ang sabi ng isang babae. "Hindi naman ako kinukunsensiya, eh." Wala kasi siyang kunsensiya kung paanong walang balakang ang ahas. Tama! Hindi talaga siya kukunsensiyahin. Ni hindi nga niya alam kung ano ang kunsensiya. Napaso na iyon ng husto hanggang sa hindi na niya alam kung ano iyon. Tama. 138 Tinatapak-tapakan lang ang Salita ng Diyos, na ang sabi, "Naku, eh, matanda ma kasi siya . Huwag kayong pupunta ro'n, puro lang naman ingay at pagwawala ang ginagawa nila ro'n." Walang kamuang-muang tungkol sa Diyos gaya ng isang Hottentot na walng muang tungkol sa gabi sa Egipto. Tama! totoo 'yan! May anyo ng kabanalan ngunit tinatanggihan ang kapangyarihan nito; magsilayo nga kayo sa mga ito; sapagkat sila ang mahiligmagnahay-bahay at namumuno sa mga babaeng haling, "Oh, dapat ay ganito ang gawin mo. Oh, sa palagay ko, ang matanda mong mangangaral doon, kung… "Oh, bagay sa iyo ang bikini," o anuman ang tawag n'yo ro'n. "Kung—-kung gagawin mo ang ganito, ang ganoon at iba pa… "Aba, hindi naman makasasama ang kaunting sigarilyo. Kasapi ako ng iglesia, at alam mo ba na ang denominasyon namin ay iginalagalang din gaya rin naman ng iba." Huwag n'yong paniniwalaan ang pinturadong sinungaling na 'yan. Nagsisinungaling siya sa inyo. Tama. Opo!

74 Okey lang 'yon sa diyos nila. Oh, ang palagay pa nga niya ay napakaganda no'n. At dahil dito ay mahal na mahal nila siya. Naku, makikipagtalo saila sa inyo. Tatayo sila at aawayin ka nila tungkol dito. Buweno, siyanga, tumayo si Satanas sa harap mismo ni Jesus Cristo, ang Salita, at iginiit niya na nasusulat. At naroroon Siya, ang bindikadong Salita ng Diyos. Ang sabi niya, "Dumito ka sa likuran ko Satanas!" Basta't lumakad lang kayo at gano'n din ang gawin ninyo. Gaya ng sinabi sa akin lalaki minsan, "Ngayon, kung talagang naniniwala kang tama ang bautismo ng Espiritu Santo, at naniniwala kang tagalay mo na Iyon," ang sabi, "sige, bulagin mo ako." Ang sabi niya, "Isang araw ay binulag ni Pablo ang isang lalaki."

Ang sabi ko, "Ginoo, paano kitang bubulagin samantalang bulag ka na? .paano pa kitang papatayin kung patay ka na?" Ang sabi niya, "Ako, twntytwenty ang grado ng mata ko." Ang sabi ko, "Sa pisikal, oo, ngunit bulag ka parin." "Imposible! Hindi ipinaliliwanag ng Biblia ang mga bagay-bagay. Nagsasalita kami kung saan nagsasalita ang Biblia at tumatahimik kami kung tahimik ang Biblia."

75 Ang sabi ko, "Mabuti, nang naroon si Elias sa—-sa Dotahan, (kita n'yo?), nagsidating ang buong hukbo ng mga taga Siria, at ang—-humangos ang alipin niya, ang sabi, 'Oh, ama ko,' ang sabi, 'napapaligiran tayo ng mga taga Siria.' Kinusot ni Elias ang mga mata niya, gumising siya, at ang sabi, 'Mas marami tayo sa kanila.' Ang sabi niya, 'Diyos, buksan Mo ang mga mata niya.' Ngayon, bulag siya, at tiningnan niya ang matandang propetang iyon; at ang mga kabundukan ay punung-puno ng mga Anghel, at ng mga karuwaheng apy. At lumabas siya roon, at ayon sa Biblia ay binulag niya sila! Bulag sila saan? Sa kaniya. Lumabas siya, at ang sabi, 'Hinahanap ba ninyo si Elias?' 'Oo, hinahanap namin siya," Ang sabi, 'Halikayo at ituturo ko kung nasaan siya.' Inakay sila ni Elias kay Elias. Bulag!" Ang sabi ko, "Alam mo kung ano ang sasabihin ko sa iyo? Yaon ding sinabi ng Panginoon ko sa inyong ama, dumito ka sa likuran ko!"

76 Pansinin! Ang mga anak ng pagsunod at ang mga anak ng pagsuway ay walang pinagkakaisahan. Ang mga anak ng pagsuway ay sumasamba sa diyos nila, "Naniniwala kami sa Biblia." Oo, isa iyong halong puno, (kita n'yo?); idinanagdag nila ang sanlibutan at ang kaalaman Dito, ang punung-kahoy ni Satanas, halo. Kita n'yo, pumitas siya sa punung-kahoy ni Satanas, mabuti at masama. "Oh, naniniwala kami sa Salita, siyanga, at—- ngunit hindi sa kabuuan Nito." Naniniwala rin si Eva sa Salita, ngunit hayaan—-hayaan n'yong kunin ni Satanas ang punung-kahoy niya at iliko Ito ng kaunti. Iyon na nga iyon. "Ang

sinumang magdagdag ng isang salita o magbawas ng isa mang salita mula Rito.' Siya pa rin kahapon. Ngayon at magpakailan man.

Pansinin. Mabuti.

77 Ang masamang kapanahunang ito ay sa kadiliman, gayon man ay kasapi siya sa iglesia. Ang diyos nila, mahal na mahal nila siya dito, dahil pinapayagan niya sila. Hindi sila kinukunsensiya, walang bumabagabag sa kanila habang kasapi sila ng iglesia. Ganito rin ang itinuro ni Balaam sa iglesia. "Magkaisa tayo; magkakatulad tayo." Iyon ang huling paglalansi. Hindi sila pinatawad ng Diyos dahil naniwala sila sa kasinungalingang iyon. 144 Alalahanin n'yo, isa iyong, kasalanang walang kapatawaran, tatlong ulit ito sinaad ng Biblia, kung idadagdag ng isang tao ang isa mang salita ng sarili niyang pagpapaliwanag sa Salita ng Diyos, matapos na mabindikang ito'y Katotohanan; Sa hardin ng Eden (tama ba?)—-sa hardin ng Eden ay isang salita lang ang nadagdag at iyon ang naging sanhi ng kamatayan; nang magdagdag si Balaam ng isang salita na lahat tayo ay magkakatulad. Sila'y…Hindi napatawad ng Diyos ang Israel dahil dito. Bawat isa sa kanila ay namatay sa ilang maliban sa tatlong inilabas ng Diyos. Lahat ng…Ang sabi ni Jesus, "Lahat sila ay nangamatay na." Iyon ay ang walang hanggang pagkahiwalay. Namatay silang lahat, hindi sila napatawad. Isa iyong kasalanang walang kapatawaran, hindi iyon napatawad. Ay, naku, layuan n'yo ito, mga anak ni Panggabing Ilaw.

78 Nakikita na ba ninyo kung sino ang pinuno ng makabago, relihiyosong kapanahunang ito? Ang diablo iyon na kumukuha ng punung-kahoy na iyon ng mabuti't masama at inilalagay iyon doon (pansinin!), dinadala ang napakagandang nobyang iglesiang ito sa konsehong ekumenikal para sa isag kasalan (ang ganda no'n, ah!), ang napakaganda niyang maka-agham na iglesia na taglay ang lahat ng—-ng mga titulong maaaring makuha, ang mga Ph. D., na mula sa Church of Christ, ang mga Ph.D., na mula sa Baptist, Presbyterian, Penntecostal, at lahat na, dinadala silang lahat sampu ng kanilang mga naggagandahang mga dikurasyon, at naglalakihang mga simbahan, dinadala silang lahat sa konsehong ekumenikal—-"Iisa na kami." Hinding-hindi na sila patatawarin. Isang denominasyon…ang pagsusuot ng tatak ng isang denominasyon ay ang tatak ng hayop. Natalakay ma matin ang tungkol sa kaganapan nito. Layuan n'yo ito, mga anak, layuan n'yo ito. Kita n'yo? Isang dakila, napakagandang iglesia sa isang kasalang ekumenikal, suot-suot ang kaniyang tatak, naka-syorts (siyanga!), makasanlibutan ang damit, kaakit-akit, puro pinta, tunay na magagaling na alagad ng diablo upang siluhin ang mga anak ng Diyos—-ikinakasal ang isang mabuti, lubos na isinalang na binata sa isang babaeng itinakwil. Tama.

79 Ang sabi niya, "Ang pagpapagupit ng buhok, ano'ng kinalaman niyan!" Kapatid, tumigil tayo rito sandali. Nadama kong mayroong tumatanggi sa bagay na iyan. Marahil ay doon sa kable o kung saan. Makinig kayo! Ang buhok sa isang babae ay isang panatang Nazarita. Ang buhok para kay Samson ay isang panatang Nazarita. At kapag ginupit ng isang babae ang buhok niya, i—-itinatanggi niya ang kaniyang panatang Nazarita na siya ang Nobya ni Cristo, dahil lang do'n, ang isang bagay na iyon, ay nasisiraang buong larawan. Tamang tama! Ang isang Nazarita ay isang taong nakalaan para sa isang layunin." Tama ba 'yon? Si Samson ay nakalaan sa isang kapanahun at sa isang layunin; kaya mahaba ang buhok niya.

Ang isang babae na anak ng Diyos, ay nagpapahaba ng buhok upang ipakitang siya ay nakalaan sa bawat Salita ng Diyos. Kung gugupitin niya ito, kahit gaano pa siya sumayaw, o kahit umawit pa siya sa koro, o magsalita ng ibang wika, at magtatakbo, at sumali sa lahat ng mga kapisanan, patay na siya. Iyan ay ITO ANG SABI NG PANGINOON, ang Salita ng Diyos, I Corinto 14. Kita n'yo? Itinanggi na niya ang panatang Nazarita at sumang-ayon na siya sa diyos ng modernong kapanahunang ito. Ginagawa niya ito. Ngayon, mahiya ka, binibini, o babae. 148 Mga maninilo ng mga anak ng Diyos gaya ng sinabi ni Jesus, "Kung paano ang mga kaarawan ni Noe (magaganda ang mga babae, at nagsimulang makipag-asawahan ng mga anak ng Diyos sa kanila) ay gayon din naman sa pagbabalik ng Anak ng tao." At ang palagay ng diyos nila ay dakila iyon, maganda, at maka-agham. 149 Ang kaalamn, ang moda ng Hollywoog na dinesenyo sa kaniyang patahian (siyanga), lahat ng mga nauusong ito, alm n'yo.

80 Siya ang kaniyang iglesia ay talagang napaibig na dito. Ay, naku! "Nais kong maunawaan mo na isa akong Metodista. Isa akong Presbyterian. Matino ang isip ng pastor naming kaya hindi niya sinabi ang ganiyan." Kulang ang isip niya kung gayon dahil hindiniya kayang sabihin kung ano ang sinasabi ng Diyos. 150 Siya, ang Iglesia, ay sumasamba rito; gustong-gusto niya ito. Iyon talaga ang nais niya. Hindi siya sasali sa anuman, kapatid, o papasok sa anumang bagay na kailangan niyang kumilosng kaiba sa mga modernong Jezebel na ito, 'pagkat iyon ang kalikasang taglay niya. Paano kang magkakaroon ng ibang kalikasan… "Sino ba sa inyo ang sa kaiisip ay makapagdaragdag ng isang siko sa kaniyang tangkad?" Kung isinilang kang limang piye lang ang tangkad, hindi ka na maaaring maging anim na piye. Gaya ng makinang na pampatangkad ni Booth Clibborn…

81 At makinig kayo, mga kalalakihan, kayo na isang bungkos na mga Ricky, kung isinilang kayong isang lalaki, kumilos kayo tulad ng isang lalaki. Ang mga bangs ninyo na nakalalay sa mga noo ninyo at nakakulot pa na para bang nangaakit. Aba'y lahi kayo ng mga binaluktot na mga ahas, ano ba ang nangyayari sa inyo? Naku, huhukuman ng Diyos ang bansang ito balang araw sa pamamagitan ng apoy.

Lulubog siya sa ilalim ng dagat. Ang oras ng Kaniyang paghuhukom ay nalalapit na. Ang buong mundo ay mapapahamak.

Ang maka-agham na pambabaluktot, makataong pambabaluktot, ni hindi na alam ng lalaki kung anong kasarian ang kinabibilangan niya, pati na ang babae. Tatayo siyang nakasuot ng panlalaking overall, o ng maikling syorts, mga damit na humahakab sa hugis ng kaniyang katawan sa tuwing kikilos siya, pagkatapos ay Cristiano raw siya. Ni hindi mo nga siya matawag na binibini, Cristiano pa. Isa siyang patutot sa kalye na kinasangkapan ni Satanas, na kinasihan ni Satanas upang magtulak sa mga naka na lalaki ng Diyos sa impiyerno, upang matupad kung ano ang sinabi ni Jesus Cristo na magaganap. Hindi ko sinasadyang sabihin iyan, ngunit sinabi na Niya iyan. Nakikita na ba ninyo kung saan nagmula ang relihiyosong espiritung iyan, ang magkahalong punung-kahoy na iyon?

82 Ang sabi, "Ano ba'ng masam sa slack?" o anuman ang tawag nila ro'n, pedal pushers ba o kung ano man iyon. Sinabi ng Biblia na ang babaeng nagsusuot ng kasuotang nauukol sa lalaki ay karumal-dumal sa paningin ng Diyos. Iyan ay ITO ANG SABI NG BIBLIA. At ang babaeng gugupit ng kaniyang buhok, sinabi iyan ng Biblia, ang manalangin siya sa publiko nang walang takip ang ulo niya, at ang kaniyang…

Oh, sasabihin mo, "Nagsusuot naman ako ng sombrero, ah." Isa kang ipokrito. Tuturuan mo ang mga babae niyan samantalang ang sabi ng Biblia ay ipinagkaloob sa kaniya ang buhok niya upang ipangtakip, hindi ang kung anong sumbrerong ginawa ng tao! Iyan ang sabi ng Biblia. Hindi ako ang may sabi; Ang pananagutan ko lang ay ang sabihin sa inyo ang Katotohanan. Huwag kayong maging di-tapat, gaya ng sinabi ng Biblia, na hinahawakan ang Salita ng Diyos nang may halong daya upang—-upang ayusin—-o pagbigyan ang kahilingan ng isang lupon ng mga Ricketta.

83 Isinulat ko ang salitang kasamaan o evil dito; ang isinulat ko ay Elvis sa halip na evil, pareho din naman iyon, eh. Ang salitang Elvis ay nangangahulugang "isang pusa", at ang saliatng Ricky naman ay nangangahulugang "daga." Kapag sinabi n'yong "little Ricky" ang totoong ibig n'yong sabihin ay "little rat." Kung ano ang tawag n'yo sa kaniya iyon na nga siya. Kung iyan ang napangalan n'yo sa anak n'yo, palitan n'yo na agad alang-alang sa Ebanghelyo. Huwag n'yong papangalanan ang mga bata…wala kayong mababasang ganiyang pangalan sa panahon ng Biblia, o sa alinmang kapanahunan. Iyan ang kapanahunan ng—ang pangalan sa kapanahunang ito. Kung mayroon mang mga binaluktot na mga daga at pusa, naririyan ang mga iyan.

Lahat nitong mga—-milyong dolyar ang halagang mga disjockies ang mga kabataang nagsisigala riyan sa labas…ni hindi makapasok sa eskuwela nang walang nakakabit na kurdon sa kanilang mga tainga, at maliit na transistor na nakabulsa, at talaga naming "boom de boom." Oh, nagsidating sila roon sa bahay namin, at gumawa kami ng…Ang mga kalalakihang iyon ang nagpipintura ng bahay namin, ang sabi namin, "Alisin n'yo iyan dito. Kung hindi kayo makapagtrabaho nang wala iyan, iwan n'yo na lang ang trabaho. Nininerbiyos ako dahil diyan, ni hindi .ko magawang tumayo rito. Inilaan namin ang bahay na ito sa Diyos. Ayaw namin ng boogie-woogie na iyan ng huling mga araw na ito dito. Ang sabi ko, "Patayin n'yo 'yan kung hindi ay iwan na lang ninyo ang trabaho!" 157 Pansinin n'yo, pero mga relihiyoso sila, ay siyanga, magsisimba sila at tatayo roon sa loob ng vestibule dala ang—-nakikinig ng boogie-woogie.

84 Pansinin din ninyo, ang Salitang Nobya ni Cristo ay patungo na rin kung saan natin nakikitang patungo ang anticristo. Nagsimula roon at ngayon ay patungo na ito sa ulo, ang konsehong ekumenikal ang maglalagay dito sa isang eklesiastikal. At ang munting Iglesia na kasabay nitong sumulong, ang Salitang Nobya ni Cristo sa buong kapanahunan, ay patungo na sa isang pangulo, dahil muli na naman Itong makikipag-isa sa Asawa nito. Sa tuwina, gaya ng iglesia at ng lahat ng bagay ay kailangang magkaisa. Ang trigo, lahat ng iba pa ay muling nagbabalik sa ulo nito kung saan ito nagpasimula, tulad nina Cain at Abel. Ang salitang Nobya ay patungo na sa katauhan ng Salita ng Diyos na naipamalas sa masamang kapanahunang ito na kinabibilangan natin. Nakikita ba ninyo kung saan na ito patungo?

85 At hindi magtatagal ay kukunin na ni Satanas ang kaniyang intelektuwal na nobya, at itataas niya ang dakilang isang ito na siyang anticristo, ang hilera ng kapangyarihan, at iluluklok siya sa luklukan, at ang buong mundo ay mamamangha sa kaniya. At darating si Cristo, at hindi sila maaaring sabay na lumitaw dito. At kukunin ang kaharian niya. Mamawasak siya at si Cristo, na Salita ng Diyos…At ang babae ay bahagi ng katawan ng lalaki. Hindi sila dalawa; iisa lang sila. At ang Nobya, ang Iglesiang Salita, o ang mga taong tinawag galing dito at doon, para sa Kaniyang Pangalan ay magkakaisa sa katawan ni Jesus Cristo. At ang kaharian ng anticristo ay kukunin at wawasakin, at kukunin ni Cristo ang luklukan at luluklok Siya sa luklukan ng kaniyang amang si David at maghahari Siya sa ibabaw ng lupa sa loob ng isang libong taon, at ihaharap Niya ang Iglesia sa Diyos nang walang batik o kapintasan man.

Siyanga!

86 Ngayon, pansinin ang mahaba niyang buhok, isang panatang Nazarita sa Salita. Nais ko ngayong ilarawan ang Nobya ni Cristo. Inilarawan na natin ang anticristo, kung nasaan na siya, relihiyoso siya at lahat na, maka-agham. Ngayon naman, ang munti, mapagpakumbabang munting Nobya ni Cristo, ay buong kapayakang sumasampalataya sa Salita, sinuman Siya; ito'y mga indibiduwal. Umaasa ako na

marami sa kanila ang nakaupo rito ngayon, marami sa kanila ang nakikinig. At umaasa ako na ako at ang bawa't isa sa inyo ay bahagi ng Nobya. Umaasa ako na marami at…Mangyayari iyon, lahat ng nakatalaga upang maging gayon ay magkakagayon, sapagkat iyon ang kalikasan nila. Sila…Kita n'yo, makikilala lamang ng Salita ang kapuwa Salita. Hindi iyon kikilala ng isang denominasyon o ng isang kabaluktutan. Higit diyan ang nalalaman Nito; ito'y isang Salita. Kita n'yo? Wala itong ibang kikilalanin… Ang isang trigo ay hindi maaaring maging anuman maliban sa isang trigo. At hindi maaaring maging isang trigo ang isang damo, bagama't kapuwa sila nadidiligan ng iisang pagkapahid. Kita n'yo? Ngunit hindi iyon trigo gaya ng sinabi ko nung isang araw tungkol sa isang puno na kinabitan ng iba't-ibang uri ng mga sanga.

87 Ang mahaba niyang buhok, ang panata niyang Nazarita ay nagpapakitang namanata Siya sa Diyos. Ang napakaganda Niyang trahe ng Pangakong Salita para sa kapanahunang kinabibilangan Niya ay bumabalot sa Kaniya, binibindika Niya ng Sarili Niyang Hebreo 13:8: Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Dahil bahagi Siya ng Salitang Nobyo, tapat siya sa Kaniya sa bawa't punto…

Ngayon, ay tingnan n'yo.

Kung ang isang babae ay lalabas doon, at magpapakasal sa isang lalaki, pagkatapos ay lalabas siya at makikipagtalik sa ibang lalaki at makikipagrelasyon sa kaniya, pagkatapos ay babalik siya sa asawa niya, dapat ay palayasin niya siya. Tama ba 'yon? Dapat ay maging tapat siya sa kaniya, dahil nanumpa siya sa kaniya. At ang Nobya ni Cristo ay nanumpa na kay Cristo, at Siya ang Salita. Ni hindi siya dapat nakikipagkinditan sa iba, hindi dapat nakikipagkindatan man lamang ang isang babae sa ibang lalaki. Hindi siya dapat nagpapahiwatig, o nagpapakita man lamang ng damdamin sa kaniya, sapagkat siya ay walang pasubaling nobya ng iisang nobyo. Ayaw namin ng alin man sa iyong mga magkahalong puno, ng iyong mga denominasyon. Maging tapat ka kay Cristo, na siyang Salita. Ibibindika Niya Ito bilang katotohanan. 163 Hindi, po! Hindi siya dapat nagpapakita ng anumang damdamin na magpapahiwatig na nais niyang makipagtalik sa kaniya, hindi siya dapat sumasapi sa samahan niya o sa anupaman, o ni huwag mo siyang hahayaang umakbay sa iyo o mangalaga sa iyo, o—-makipag-usap man lang sa iyo tungkol sa ganito, o sa ganoon, makinig ka sa iisang Tinig: "Dinidinig ng Aking tupa ang Aking Tinig; sa iba ay hindi sila…" Ano ba ang Tinig Niya? ang tinig ng tao ay ang kaniyang salita, at Ito iyon, ang Biblia. Hindi dapat dinadagdagan ito o binabawasan man ng isang Salita, manatili lang kayo sa Tinig na iyan. Sa iba ay hindi sila susunod, sa isang denominasyon.

88 Kung paanong bahagi Siya ng Nobyo, tapat Siya sa Kaniya sa lahat ng bagay, naghihintay sa Kasalan, nakikipag-isa, hindi sa konsehong ekumenikal, kundi sa himpapawid, sa Hapunan ng Kasalan. Naibigay na sa Kaniya (Ito'y para dito sa sarili nating iglesia)ang…Naipagkaloob na sa Kaniya at naihayag na sa Kaniya ang Pitong Hiwagang Natatakan sa Biblia. Na—-nakikita na niya ang kahibangan ng mandaraya, hawig na hawig sa Katotohanan na halos ay madaya ang Hinirang; nakikita Niya ito.

Siya…nakikita ba ninyo ang dalawang magkasalungat na espiritu na kumikilos sa masamang sanlibutang ito? Nakikita ba ninyo ito? Pareho silang napakarelihiyoso, sina Cain at Abel, ang mga espiritung ito ay patungo na sa kani-kaniyang ulo, katulad pa rin nang magpasimula sila: ang isa ay sumasamba sa pamamagitan ng kagandahan, at sa pamamagitan ng kaalaman, at sa pamamagitan ng edukasyon, at sa pamamagitan ng agham, at sa pamamagitan ng mga mabuting asal; at ang isa naman ay sa pamamagitan ng pananampalataya sa kapahayagan ng Salita ng Diyos. Kapuwa sila nakatayo sa loob ng gusaling ito sa umagang ito. Tama

89 Ang kapahayagan o pananampalataya sa Kaniyang Salita ay hindi nagaangkin ng anumang kaalaman. Ang tunay at totoong Cristiano…Sasabihin nila, "Mayroon ka bang—-mayroon ka bang titulong duktor?" Hindi siya nag-aangkin nito. "Si—-sinasampalatayanan ko ang Kaniyang Salita." Kita n'yo? Hindi siya nag-aangkin ng anuman, hindi niya sinasabing may pinag-aralan siya. Hindi siya kabilang sa alin mang partido, sa alin mang sekta, kabilang siya kay Cristo. Siya ang Asawa Niya, hindi ang iglesiang asawa; isa siyang patotot. Ang sabi ng Biblia ay isa siyang babaeng bayaran at ina ng mga patotot, at nagsasama-sama silang lahat at bumubuo ng siya ring patotot. At ang ganitong babae ay isang babaeng hindi tapat sa kaniyang asawang lalaki, at inaari niyang asawa niya si Cristo pagkatapos ay kabilang siya sa denominasyon. Kalokohan! Kay Cristo ka pumisan!

90 Bagkus sa pagsunod, ang munting Babaeng ito ng pananampalataya, na namumuhay sa pananampalataya, ang Nobya, ang taong naririto, naroroon, naririto, o kaya'y doon sa ib pang lugar, o sa iba pang iglesia, o sa ibang denominasyon, anumaniyon, at sa ibang…?...sumasampalataya sa Salita ng Diyos, masunurin, naghihintay nang may pag-ibig sa pagpapatunay sa pangako ng kapanahunang ito. Inaabangan Niya ito. Bahagi Siya ng Salitang iyon, at hinihintay Niya na maipahayag ng buhay Niya ang Salitang iyon. Mga kapatid na kalalakihan, hindi ba ninyo nakikita iyan? Sana naman ay hindi iyan lumampas sa inyo. Ang Katawan, na siyang Salita ay naghihintay sa Buhay na siyang Espiritu, upang patunayan o buhayin Ito. Iyan ang hinihintay Niya. Wala nang iba pang buhay na maaaring gumana sa Kaniya. Hindi Siya maaaring mabigyan ng buhay sa iba pang pamamaraan, gayunman ay nararamdaman Niya iyon, at alam Niyang mangyayari iyon doon; at heto at nangyayari na nga, at nagigising na siya.

Ang sabi ng Diyos, "Magkaroon nawa," at lumitaw Siya gaya nang paglitaw ng una.

91 Amg mga anak ng pagsuway ay nanganaghulugan ng pagsunod—-ang pagsuway ay nangangahulugan ng "paghihimagsik." Tinitingnan ko iyan sa diksiyunaryo para ako makatiyak. Paghihimagsik, paghihimagsik laban saan? Sa hayag ng Salita ng Diyos. Gaya ni Cain n nagpahayag—-nagrebelde laban sa hayag na kapahayagan ni Abel, na binindika ng Diyos na iyon ay matuwid. At naghimagsik si Cain laban dito at pinaslang niya ang kapatid niya. Ang mga Fariseo, taglay ang maka-denominasyong kaalaman nila tungkol sa Salita ng Diyos, ay nagsipili, nagtalaga ng tao, naghimagsik sila laban sa bindikadong Salita ng Diyos na naipamalas sa araw na iyon, si Jesus Cristo, at pinaslang nila Siya. Tama ba? Iyan ang ginagawa ng mga anak ng pagsuway, ang maghimagsik laban sa Salita ng Diyos. Ngayon, nakikita na ba ninyo kung nasaan sila? "Oh, ang mga araw ng himala ay lipas na."

"Hindi na gaya dati si Jesus Cristo…" "Wala iyang sinasabi ninyong bautismo ng Espiritu Santo. Puro kalokohan lang iyan!" Kita n'yo? Paghihimagsik. Hindi na nila kailangang magsalita ng dalawa, isa lang ang kailangan nilang sabihin. Sapat na iyon. Isa na iyong paghihimagsik. Hindi nila maaaring sabihin, "Wala kang mata; wala kang tainga." Kailangan mong tanggapin ang buong Katawan, ang buong Salita. Kita n'yo? Ang Espiritu Santo ay nananawagan na lumabas Siya sa kaniya, "Huwag kayong makikibahagi sa kaniyang maka-denominasyong dogma, " dahil pinagtatawanan niya at nililibak ang Salita ng Diyos para sa araw na ito. Sapagkat hindi maaaring libakin ang Diyos. Tandaan n'yo, tatanggapin niya ang ganti. Huwag kayong mag-alala, tatanggapin niya iyon. Sa Biblia, sa Efeso 4:30 kung nais n'yong isulat, sa Efeso 4:30 ay sinabi, "Ang Diyos ay hindi napabibiro. Anumang ihasik ng tao ay siya niyang aanihin." Hindi sila maaaring manlibak at magtawa, at magsabi ng mga bagay na ito, at pagkatapos ay makakatakas sila. Tulad ng tinapay sa tubig, ito'y magbabalik.

92 Siya ang nobya ng diablo na nababalutan ng maka-relihiyon, maibigin sa kasalanang kaalaman para sa kasalukuyang masamang kapanahunang ito upang dayain kayo. Ay, naku, isang buong kalipunan o denominasyon ng mga mapang-akit na mga espiritu na gumagamit ng maka-agham na kaalaman at ng makabagong kabihasnan na nag-aangkin (magwawakas na tayo sa loob lamang ng ilang sandali. Kailangan ko nang tumigil, dahil hindi ko matatalakay itong lahat.

Kita n'yo?)—-nag-aangking lumilikha siya ng isang higit na magandang mundo para iyong tirahan. Inaangkin niya na sa kaniyang kabihasnan, ay nakapagtayo na siya ng naggagandahang mga simbahan, mga kolehiyo, mga paaralan, mga ospital, mga library, at mga pansamantalang tulong sa tao—-nang walang Salita ng Diyos. Nagawa na niya ito. Napatunayan na niya na kaya niyang gawin ito. At nahalina ang mga tao dito. Opo! Mga paaralan, mga denominasyon, kultura, mga taong higit na maganda ang bihis, mga taong higit na masarap ang kinakain…Mas nanaisin ko pang pumila sa tinapayan nang matuwid ang kalagayan ko sa Diyos kaysa sa kumain ng fried chicken tatlong beses maghapon at pagkatapos ay mapabilang sa isang patotot na gaya niyan.

93 Alalahanin n'yo na malapit na ang oras ng pagtatatak. Kung hindi ka makabilang dito ay ipupuwera ka. At darating ito tulad sa isang magnanakaw sa gabi. Sisiluhin ka nito papasok doon at naroon ka na. Hindi ka na makakalabas doon; natatakan ka na. Lumabas ka! May isang Anghel na bumaba mula sa Langit na nagliliwanag ang mukha at sumigaw siya sa mga tao at nayanig ang lupa, "Lumabas kayo sa Babilonia, sapagkat naguho na siya. Huwag kayong makibahagi sa kaniyang mga salot. Bayan Ko!" Lumabas kayo sa kaniya. Labas! Hindi ba't kababasa pa lang natin nito sa Salita kani-kani lang? Ang anghel ay "isang mensahero," kita n'yo, na bumababa. Pansinin n'yo, ang Espiritu Santo, "Lumabas kayo sa kaniya upang huwag kayong madamay."

94 Ngayon, naitayo na niya ang lahat ng mga bagay na ito. Nakapagtayo na siya ng mga naglalakihang mg simbahan. Nakapagpatayo na siya ng mga kolehiyo, ng mga paaralan, tinuturaan ang mga tao na mamuhay sa—-sa isang magandang kung tawagin ay sibilisasyon at pinag-aral sila sa pamamagitan ng isang makabagong sibilisasyon na siyang nagdala sa kanila sa hukay ng kamatayan sa pamamagitan ng kaalaman, palayo sa Diyos at sa Kaniyang Salita. Hindi ba ninyo nakikita ang kabuuan ng buktot na balaking ito? Nakikita ba ninyo iyan Iglesia? Diyan sa himpapawid, kung nakikita n'yo iyan sa inyu-inyong mga kongregasyon, diyan sa labas ay magsabi kayo ng "Amen." Nang sa gayon ay malaman ng iba kung saan kayo nakatayo. Kita n'yo? Ginawa niya iyon. Siya'y…iyon ang diyos ng lupang ito, at nakapagtayo na siya ng mg kolehiyo. Nakapagtayo na siya ng mga unibersidad. Nakapagtayo na siya ng mga ospital. Nakapagtayo na siya ng mga library. Nakapagtayo na siya ng mga bagay na ito para pansamantalang makatulong sa tao, sapat lang upang dayain sila na lumihis sa Salitang iyan. At saan na nga ba niya sila inakay? Ang buong daigdig ng iglesia ay nabulid na sa kamatayan, sapagkat sinabi ng Diyos na susunugin Niya ang patotot sampu ng kaniyang mga anak sa pamamagitan ng walang hanggang apoy. Magsilabas kayo riyan, bayan! Huwag nawa kayong magpapasilo sa loob niyan. Layuan n'yo ang bagay na iyan sa lalong madaling panahon! Dahil sa maka-agham niyang kaalaman ay nagawa niya ito (ngayon ay pansinin!)—-nang walang Salita ng Diyos.

95 Hindi kailan man itinalaga ng Diyos na humayo tayo at magtayo ng mg paaralan. Hinding-hindi. Hindi Niya tayo inutusang magtayo ng mga ospital. Mabuti ang mga iyon. Hindi Niya tayo inutusang magtayo

ng mga library. Hindi, po! Hindi Niya inutos iyon.

Ang sabi Niya, “Ipangaral ang Ebanghelyo.” At ang Ebanghelyo ngayon ay nagpapamalas, nagpapakita ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang sabi ni Pablo, “Ang Ebanghelyo ay hindi dumating sa amin sa salita lamang, kundi sa pamamagitan ng pagpapamalas at pagpapahayag ng Espiritu Santo.” Ang sabi ni Pablo, “Hindi ako napariyan sa inyo taglay ang dakilang mga pananalita ng karunungan ng kung sinong duktor at iba pa, datapuwa't napariyan ako sa inyo sa kapangyarihan at pagpapamalas ng Espiritu Santo, upang ang pananampalataya ninyo ay huwag masalig sa karunungan o sa kaalaman ng tao sa sanlibutang ito, kundi sa kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Jesus Cristo; sapagkat buhay Siya, at siya pa rin kahapon, ngayon at magpakailan man.” Tulungan nawa tayo ng Diyos na maging ganito rin ang paniwala natin, at binibindika ng Diyos ang bagay na iyon gaya nang matagal na Niyang ginagawa.

96 Inilalayo niya kayo sa tunay na kapahayagan at pananampalataya sa Salita ng Diyos na naihahayag at nabibindika sa araw na ito sa pamamagitan ng kaniyang mga paaralan, ng mga library, ng panitikan, mga ospital, at iba pa. Kita n'yo? Inilalayo niya kayo rito. Nagpapaliwang siya ngayon gaya ng ginawa ni Faraon noon, inilalayo kayo sa pagkaunawa ng kahulugan ng binindikang Salita sa ipingako Niyang kapanahunan sa Panggabing Liwanag, nabindika at napatunayan. Sinisikap niya, sa pamamagitan ng kaalaman, at mga paaralan, at mas edukadong mga tao, at mga mabuting asal, at iba pa, upang hindi ninyo iyon maunawaan. Lahat na lang, upang huwag mong tingnan iyon at makitang si Jesus pala iyon. Paano ninyong malalaman na si Jesus Cristo nga iyon? Siya ang Salita, at Siya ang Salita sa kapanahunang ito. At ayon sa kapanahunang ito ay magaganap ito sa kapanahunang ito, at heto't nagaganap na nga. Kit n'yo, kita n'yo? Ginagawa niya ang lahat para huwag ninyong makita iyon.

Babansagan niya iyon ng lahat na lang ng maruruming pangalang maisipan niya. Kita n'yo? Tatawagin niya iyong “holy rollers” at lahat na. tinawag niya si Jesus na “Beelzebub.” At kung ang Panginoon nga ng sambahayan ay tinawag ng Beelzebub, ano pa kaya ang itatawag sa mga alagad? Kita n'yo, kita n'yo?

97 Inilalayo kayo upang huwag ninyong makita ang tunay na kahulugan ng Salita, hindi kung ano ang… Kita n'yo, ipinaliliwanag niya Ito, at sinasabing ganito ang ibig sabihin Nito. Ang sabi ng Diyos, “Ipinangangako Ko na sa huling mga araw ay susuguin Ko sa inyo ang Malakias 4.” Hindi na kailangan pang ipaliwanag ito; ginawa Niya iyon. Ang sabi Niya, “At kung paano ang mga kaarawan ni Lot, ang buong mundo ay masasadlak sa kalagayan ng Sodoma; at sa pagkakataong iyon ay ihahayag Ko ang Anak ng tao sa pamamagitan nito nang akmang-akma.” Nagkaroon na tayo ng lahat ng klase ng panggagaya at lahat na, ngunit nasa atin din naman ang tunay. Kita n'yo? Sinabi Niyang gagawin Niya iyon. Sinabi Niyang lilitaw ang anticristo at halos ay madadaya niya ang Hinirang kung maaari lang. Ngunit ang sabi Niya, “Hayaan n'yo lang sila. Hayaan n'yo silang magpatuloy. Mailalantad ang kanilang mga kahangalan.” Bakit? Ang pagsusulit ng Salita ang magpapatunay nito. Kit n'yo? Pagdating sa Salitang iyan, “Noon pa 'yan…Oh, hindi ako naniniwala sa binhi ng serpente; hindi ako naniniwala sa ganito, sa ganiyan, at sa iba pa.” Hindi pa kasi naihahayag sa iyo. Kita n'yo? Hindi pa!

Oh, kapatid, tingnan mo lang kung saan…Kailangan na nating magwakas dahil alas dose na.

98 Pansinin, inilalayo ka upang huwag mong makita ang kahulugan ng Salita sa kapanahunang ito, ang Panggabing Liwanag na naipaliliwanag. Ito ay…Ano ang kahulugan nito? Ang oras ng exodo ay nalalapit na, at ang Diyos ay darating upang kunin Siya, singtiyak ng mundo. Kita n'yo?

Ngayon, nais ko kayong tanungin, habang…Alas dose na, limang minuto na ang lampas, at magpapatuloy tayo mamayang gabi. Nakikita ba ninyo ang diyos ng kapanahunang ito? Naniniwala ba kayo? Nakikita ba ninyo kung paano, isang iglesia, intelektuwal, ang agham? Ang buong mundo ay kabilang dito (kita n'yo?) ang mga denominasyon. Sasabihin mo, “Cristiano ako. Saang denominasyon ka kabilang?” Buweno, kung kabilang ako sa isang denominasyon, sa palagay ko ay hindi ako maaaring maging Cristiano. Ngayon, napakabigat na pananalita niyan, ngunit tama iyan. Katatapos ko lang sabihin na ang kaalaman at agham, at ang Cristianismo ay hindi talaga maaaring magsama. Ang isa ay sa diablo, at ang isa naman ay sa Diyos. Anumang bagay na tumatanggi sa Salita ng Diyos, layuan n'yo iyon. Kita n'yo?

Hindi, po. Nananawagan ang Biblia sa huling mga araw na ito na magsilabas ang mga Cristiano sa patotot na iyon, sa puno ng mabuti't masama.

99 Siyanga, mayroong mabuti sa kaniya. May masasabi ba kayong masama sa isang ospital? Wala, po! Sa library? Sa edukasyon?

Wala, po! Ngunit, tingnan n'yo, ibinibigay nila sa kanila ang mga iyon nang walang Salita. Nakikita ba ninyo kung gaano nakadadaya ito? Binibigyan niya sila ng isang iglesiang mapupuntahan, isang pagsamba upang sila'y makasamba, sa isang diyos na nakaupo sa luklukan. Nakahula ito sa Biblia.

Ngayon, kung kabilang kayo sa isa sa mga katawang iyon…Dalawa lang ang nasa ibabaw ng lupa

ngayon, noon pa man ay ganoon na, at mananatiling ganoon hanggang sa dumating si Jesus, at isa sa kanila ang mawawasak. Ngayon, kabilang ka sa isa sa mga katawang ito. Ang isa sa kanila ay sinalihan mo, sa Isa naman ay isinilang ka. Bahagi ka ng isa sa kanila dahil isinilang ka Rito; kailangan mong maging kabahagi Nito. Maaari ko bang itanggi na mayroon akong bisig? Hindi ko rin naman maaaring itanggi ang alin mang Salita ng Diyos. Bahagi ako ng Diyos, bahagi ako ni—-ni William, ako ay iba't-ibang bahagi, at bawat bahagi ay bahagi ko, at bawat Salita ng Diyos ay kailangan akma sa aking espiritu, kailangang akma sa aking kaluluwa. Kailangang akma sa aking pamumuhay. Kailangang umakma ito sa aking mga iniisip. Kung ang mga kaisipan ko ay salungat Dito, ibig sabihin nito ay hindi nananahan sa akin ang Espiritu ng Diyos. Tama. Hindi ko maaaring itatwa ang isa mang Salita Nito.

100 Kabilang ka sa isa sa dalawang ito. Kabilang ka, sadyang kabilang ka. Kung hindi sa Katawan ng Diyos na siyang Salita, ay sa katawan ni Satanas sa pamamagitan ng iglesia. At ang buong mundo, kailangan kong sumapi sa isang iglesia; sumasamba ito sa isang uri ng diyos. Kung hindi ka sasamba sa diyos ng kaalaman, umaasa ka sa kung ano ang naririnig mo sa pamamagitan ng kaalaman, umaasa ka sa ganito, o sa ganoon,

o sa iba pa, o kaya'y umaasa ka sa Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, inaabangan mong ibindika Niya Ito at patotohanan Niya Ito. Ang tunay Iglesia ng Diyos ay, Nananabik sa pagdating ng maluwalhating Milenyum, Darating ang Panginoon upang tayo'y itanan; Puso ko ngayo'y napupuspos sa araw at gabi; Dahil ang Panginoo'y magbabalik. Ang Panginoo'y muling magbabalik. Ang Panginoo'y muling magbabalik. Ang Panginoo'y muling magbabalik. Gagapusin and demonyo nang isang libong taon; Sa muling pagdating dito ni Cristo!

101 Oh, mga mamamayan ng Estados Unidos, kung saan ay naririnig ang mensaheng ito, magsitakas kayo sa lalong madaling panahon mula sa maalam at maka-agham na kapanahunang kinabibilangan natin. Tumakas kayo at magtungo sa Salita ng Diyos! Ikaw, ako, walang sinuman ang maaaring—-maaaring—-nakababatid Nito; walang maaaring makapagpatunay Nito. Ang Diyos ang gumagawa ng sarili Niyang pagpapatibay. Walang sinumang may karapatang magpaliwanag Nito; kahit ako, o sinumang tao ay walang karapatan. Ang Diyos ang gumagawa ng sarili Niyang pagpapaliwanag. Siya ang pangako; sinabi Niyang gagawin Niya ito sa mga huling araw. At sa huling mga araw, bubulagin ng diyos ng masamang sanlibutang ito ang mga mata ng mga tao sa pamamagitan ng kaniyang intelektuwal na kaalaman sa pinaghalong puno ng mabuti't masama, at hanggang ngayon ay patuloy pa rin niya itng ibinibigay sa mga tao. At narito na at dumarating na, ang bagay na iyon. And denominasyong iyon mula pa noong Kapanahunang Madilim at maging bago pa sumapit ang mga Kapanahunang Madilim, ang lahat ay patungo na sa isang superman, si Satanas, na siyang nagsabi, "Itataas ko ang aking sarili nang higit kaysa sa mga anak ng Diyos. At pakikinggan nila ako."

At siya, bilang Diyos, ay uupo sa templo ng Diyos, at mahuhumaling ang mga anak ng Diyos dito.

102 Aba,ang sabi ng anak ng Diyos, "Buweno ang asawa ko, hindi naman…Isa siyang mabuting…" Sige, sumige kayo, kita n'yo, sasabihin n'yo, "Buweno, ang sabi niya ay mga anak na lalaki ng Diyos." Opo! Ang lalaki sino man siya ay nilikha ayon sa larawan ng Diyos para sa kaluwalhatian ng Diyos, at ang babae ay ikalawang produkto ng lalaki, hindi ng Diyos. Tama. Nang makita ng mga anak na lalaki ng Diyos na ang mga anak na babae ng tao ay magaganda, ay nagsipag-asawa sila sa mga babaeng iyon. "At kung paano ang mga kaarawan ni Noe ay gayon din ang magaganap sa pagdating ng Anak ng tao." Ngayon tingnan n'yo, kung nasaang antas na ang mga kababaihan, (kita n'yo, kita n'yo?), sapagkat siya ang iglesia. Masdan n'yo kung ano ang ginagawa niya. kita n'yo? At sa masama at patutot na kapanahunang ito…

Masdan n'yo, wala nang mas mas sasama pa, o higit pang makasalanan, o higit pang mababa, at hihigit pa sa pagpapatutot ng bayan ng Nazareth, at sa lugar na iyon humirang ang Diyos ng isang birhen. Mayroon bang mabuting bagay na maaaring magbuhat sa Nazareth? At sa masamang kapanahunang ito kung saan ay binulag na ng diyos ng sanlibutang ito ang mga mata ng mga tao sa pamamagitan ng kanilang mga dogma at mga denominasyon, sa kapanahunan ding ito, ay humihirang ang Diyos ng isang Bayan para sa Kaniyang Pangalan. Dito'y kinamumuhian, Aakayin ang hirang tungo sa Kaharian; At masusulit na. Tayo'y await, magsasaya. Luha'y papahirin.

Sampung libong taon tayong magsisipagdiwang. (Tama 'yan.) Isang bayang natatangi, Ang Kaniyang Nobya. (Siya nga ba?) Dito'y kinamumuhian. Aakayin ang hirang tungo sa Kaharian; At masusulit na.

103 Tumatanda na ako; at nagsisimula nang mangupas ng aking mga araw; at nag-uumpisa nang lumabo ang aking paningin; at ang munti kong dingas ng buhay ay unti-unti ng lumiliit; hindi ako natatakot sa kadiliman, dahil nais kong makasama si Pablo sa pagsasabi nito, "Kilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kaniyang pagkabuhay na maguli." Saan man nila ako ilibing, malunod man ako sa karagatan, o masunog sa isang hurnuhan, o lapain man ako ng leon, ay tatawagin Niya ang pangalan ko, at ako'y magsasalita. Amen! Manalangin tayo.

Kung mayroon dito sa loob, o sa mga kawad na dinadaluyan ng mensaheng ito sa buong bansa, sa inyong mga mumunting simbahan at mga kalipunan, at mga bulwagan, at kung saan ka man nakaupo

ngayon, kung mayroong isa, oh, hayaan mong kumbinsihin kita, hayaan mong makiusap ako sa iyo bilang isang ministro ng Ebanghelyo, hayaan mong makiusap ako sa iyo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, tumakas ka sa galit ng ibubuhos sa buktot ng kapanahunang ito. Huwag mong paglingkuran ang diyos ng masamang kapanahunang ito. Oh, alam kong sasabihin ninyo, "Mabuti ito; mainam ang mga ito." Siyanga, isang magkahalong puno. Hindi mo maaaring ihalo ang kaalaman sa Salita ng Diyos. Ito'y Salitang kailangang paniwalaan sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi ng kaalaman. Hindi ito inuunawa, tinatanggap Ito. Sabihin mong tama Ito, at pagkatapos ay ipamuhay mo Ito. Iyan lang ang hinihiling Niyang gawin mo. Kung mayroong naririto ngayon sa kalipunang ito (hindi kayo mapapunta rito para sa altar call dahil walang lugar), o maging sa himpapawid, sa mga linya ng telepono, kung mayroong hindi nakakikilala sa Kaniya, huwag kayong…

104 Oh, kababaihan, kinagalitan ko kayo sa umagang ito, hindi ako iyon, sinipi ko lang ang Salita. Ang maikling buhok, ang pagsusuot ng mga maikling damit, ang pananamit nang totoong kaakit-akit, hindi ba ninyo napagtanto na ang espiritu na…Maaaring malinis ka, mahal na kapatid na babae,kung ang pag-uusapan ay ang iyong pangangatawan, ngunit sa iyong kaluluwa, hindi mo ba nakikita kung sino ang may hawak sa iyo? Gagawin kayang kaakit-akit ng Diyos ang anak Niyang babae upang dayain ang sarili Niyang anak na lalaki at nang pagnasaan niya siya at kapuwa sila managot sa pagkakasalang pakikiapid? Gawin kaya Niya iyon, kapatid na babae? Itanong n'yo iyan sa sarili n'yo. Hindi napakalayong mangyari; huwag n'yo iyang ibibintang sa Diyos.

Kapatid na lalaki, ibinigay ba sa iyo ng diyos ang espiritu ng sanlibutan, hanggang sa hindi mo na makita na mali iyon? Binulag na ba niya ang inyong mga mata dahil sa mga magandang asal ng iglesia, sa denominasyon, sa kredo at sa iba pa, na hindi mo na magawang makita na binibindika ng Diyos ang Kaniyang Salita at pinatototohanan Ito? Ang iyo bang trabaho, o ang iyong boss, ang iyong iglesia, o mayroon bang anumang bagay na nakapaglayo sa iyo sa Salita ng Diyos, na siyang tanging bukal ng Buhay? Takasan mo iyan, kapatid ko. Minamahal kita ng makadiyos na pagmamahal. Hindi ako nagbibigay-galang sa sinumang ibang kapatid ko nang higit sa iyo, hinding -hindi. Kung gagawin ko iyan ay lalabas na nagtatangi ako ng tao. Hindi ko sinasabi ang mga bagay na ito para lang magalit ka; pinapakita ko—ipinangungusap ko ang mga bagay na ito dahil ang mga ito ay nasa Salita ng Diyos. At bilang lingkod ng Diyos at taglay ang pag-ibig ng Diyos sa aking puso, sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang makita ninyo at maunawaan. Baka hindi ninyo malaman kung hindi ko sasabihin sa inyo.

Tatakas ba kayo ngayon? Ngayon, sa lahat ng dako sa buong bansa, iyuko natin ang ating mga ulo.

105 Mahal na Diyos, narito sa aking harapan ang mga panyo. May mga taong may sakit, at ipinapatong ko ang mga kamay ko sa mga ito, upang pagalingin mo sila. At umaasa ako sa gabing ito, Panginoon, na magiging dakila ang gawaing ito, na ang kapangyarihan ng Diyos ay mapaparito.

Mga dakilang tanda at kababalaghan gaya ng narinig naming naging resulta ng dalawang nakaraang Gawain, kung gaano katindi , nakita naming ang nangyari. Dalangin ko mahal na Diyos, na bigyan mo nawa kami ng doble nito ngayong gabi. Idinadalangin ko ito nang may pusong tapat, Panginoon, dahil ito ang pag-ibig ko sa Iyo at sa Iyong Salita at sa mga taong ito. Itulot mo po ito, mahal na Diyos.

At kung sa buong bansa o maging sa mga naririto ngayon, ay mayroong ilang may karamdaman, at nagbabata, at kailangang umalis ngayong gabi, hindi sila makapananatili dito, o sa mga simbahan kung saan ay nagkakatipon sila, dalangin ko na pagalingin Mo sila. At ngayon, Panginoon, alang-alang sa pinakadakilang kagalingan, kung pagagalingin Mo ang pisikal naming pangangatawan sa canser, sa T.B., pulmonya, o anuman iyon, ay muli silang magkakasakit, walang alinlangan, kahit pa humaba nang husto ang buhay nila, sapagkat ang katawan nila ay nasa ilalim pa rin ng kasalanan, ng sumpa. Ngunit hayaan Mong makamit nila ang tunay na makadiyos na pagpapagaling ng kaluluwa, na lumikha ng bagong nilalang, na lumipat na mula sa kamatayan tungo sa Buhay at pagkatapos ay naghihintay habang nasa lumang tabernakulong ito sa katubusan ng katawan matapos na matubos ang kaluluwa. Itulot Mo po ito, Panginoon.

Nawa ay takasan nila ang mga denominasyon at mga kredo. Diyos, doon sa mga kredo at denominasyon ay nakatagpo ko ang ilan sa mga pinakamabubuting kapatiran, at Diyos paano ko kayang sasabihin ito upang makita nila at nang maipakita ko sa kanila ang Salita? Nag-aalala ako, ngunit alam ko rin na sinabi Mo, "Walang sinumang makalalapit, kahit gaano pa siya kabait o kaamo, o kamaginoo, malibang tawagin Siya ng Aking Ama. At lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama ay magsisilapit." At, Panginoon, nadarama ko na ang tanging pananagutan ko ay ang sabihin ang Katotohan, upang gaya nang sinabi ni Pablo, hindi ko hahawakan ang Salita ng Diyos nang may kadayaan, nang hinahaluan Ito ng makadenominasyong dogma, gaya ng punong-kahoy ng pinaghalong kabutihan at kaalaman—-mabuti't masama bagkus ay hawakan ito nang may pusong bukas at taglay ang Espiritu Santo. Itulot Mo po it, Diyos, iligtas Mo po ang bawa't isa.

106 Ngayon, habang nakayuko ang ulo natin, at nakapikit ang ating mga mata, at hindi sa akin, hindi ko ito masasabi sa ganitong paraan, "Hindi mahalaga para sa akin kung gagawin n'yo ito o hindi," dahil

mahalaga ito. Mahal ko kayo. At nawa ay huwag ninyong isipin na dahil magaspang ang naging pananalita ko, gaya ng sinabi ni Pablo, "Nais kong pumariyan sa inyong piling, at kailangan kong ibahin ang aking pag-uugali." Hindi dahil sa hindi niya sila gusto; mahal niya sila. Hindi, kundi gaya ni Jesus na sinaway sila at pagkatapos ay namatay Siya alang-alang sa kanila. Kita n'yo? "Ama, patawarin mo po sila; hindi nila nalalaman kung ano ang kanilang ginagawa." Isipin na lang, na ang isang tao na nagnanasang maituwid ang sarili niya, at nagsisikap na maging matuwid, at pagkatapos ay makikita mo ang diablo…Siya ang kinakalaban ko. Binulag na niya ang mga mata ng mga taong ito.

107 Ang bansang ito ay dapat magdingas sa kaluwalhatian ng Diyos, nang makita niya kung ano ang nangyari sa kaniya dito sa huling araw, ang huling…Bakit walang nangyayaring kasiglahan sa mga dating lalawigan? Ito na ang Kanlurang Baybayin, ang pinakadulong bahagi sa kanluran.

Ngayon, ang harang ng kasalanan ay kumulog na sa ilalim ng lupa, at nagsisimula na itong lumubog. Ang iba't-ibang lugar, at sa Los Angeles at sa Hollywood ay lumulubog ng ilang pulgada bawa't oras, hindi na ito mapipigil. Siyanga.

Naririto na tayo! Anumang oras ay maririnig na natin ang tawag. Kung alam n'yo iyan…Ngayon, huwag kayong titingin, ngunit kung alam mo sa puso mo…hinihiling ko sa iyo, hindi ko maaaring malaman ang laman ng puso mo malibang ihayag ng Diyos. Ngunit mula sa iyong puso, kung nakikita mo na wala ka sa dapat mong kalagayan sa Diyos at sa Kaniyang Salita sa iyong pananampalataya, maaari mo bang itaas ang kamay mo sa Kaniya, at sabihin mo, sa Kaniya, "Panginoon, tulungan Mo po ako." Oh, Diyos, sa labas ng iglesiang ito na punung-puno, punung-puno ang mga dingding sa loob at sa labas, litiral na daan-daang mga kamay, marahil ay mayroong dalawandaang kamay ang nakataas. Salamat sa inyong katapatan.

108 Mahal na Jesus, huwag Kang pumayag na isa man sa kanila ay mapahamak. Bilang lingkod Mo na tumatayo sa pagitan ng mga buhay at patay, itinuturo sila ng aking daliri sa Salita ng Diyos, hindi ko sila maililigtas, Panginoon, ngunit nais nilang maligtas. At Ama, gaya ng maraming ulit ko nang nasabi, ang araw ay sumisikat sa umaga, at sa pagsikat nito sa ibabaw ng lupa, isinugo ito ng Diyos upang hinugin ang butil, upang gumawa ng natural na pagkain para sa natural na pamumuhay. Ngunit, O Diyos, ang sabi Mo, "Sa kanila na natatakot sa Kaniyang Pangalan ay sisikat ang Anak ng katuwiran taglay ang kagalingan sa Kaniyang mga pakpak." Hayaan n'yong ang Anak ng katuwiran, ang Salita ng Diyos, ay sumikat sa puso ng mga tao, at ang mga sinag ng na pgpapagaling ng pananampalataya sa Salitang iyan ang magpagaling sa bawat masuwayin sa Salita, at magdala sa kanila sa kapuspusan ng mga anak na lalaki't babae ng Diyos. Sila'y sa Iyo, Panginoon. Sa pangalan ni Jesus Cristo, kapuwa dito sa himpapawid, dinadala ko sa Iyong harapan ang mga nagsipagtaas ng kanilang kamay sa Iyo para sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa. Amen! Nang ako'y mahugasan, (Saan? Sa altar na ito.) Sa dugo'y… (Sa pamamagitan ng Pananampalataya ay tumingin ako roon sa Aking patutunguhan.) Tangi ngang (Doon nakabitin ang Salita.) sa Krus Mo, Laging mananangan; Hanggang sa masapit ko, Langit Mong tahanan! Sa krus Mo Pa…(Ibig sabihin ay napakong kasama Niya. Ayaw ko ng anumang bagay sa sanlibutan; panatilihin Mo akong nakapako!) Puso ko'y ilapit; Nagliwanag ang lahat, Sa aking paligid. Tangi ngang sa krus Mo Laging mana…(Itaas natin ang mga kamay natin.)…nangan; Hanggang sa masapit ko; Langit Mong tahanan!

109 Umabot kayo at maghawakan kayo ng kamay, at sabihin n'yo, "Pagpalain ka ng Diyos, Cristiano." [Nakipag-usap si Brother Branham sa mga musikeroEd.] Nararamdaman ba ninyo ang presensiya Niya? Diyan sa naaabot ng signal ng telepono, magakamayan kayo at sabihin n'yo, "Pagpalain ka ng Diyos, Cristiano."

110 Alam n'yo, may tangke ng tubig dito sa likuran. Kukuha Siya ng isang bayan na magsusuot ng Kaniyang Pangalan. Kung hindi pa kayo nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpatawad ng inyong kasalanan, may tangke rito, mga balabal, may mga kalalakihang nakatayo rito at nakahanda. Malaya kayong makadudulog kung totoong tinatanggap ninyo si Jesus bilang tagapagligtas ninyo at nananampalataya kayong iyan nga ang Katotohanan.

Alalahanin n'yo, wala ni isang tao sa Biblia, o maging sa alin mang panahon bago maitatag ang Simbahang Catolico, ang nabautismuhan sa ibang paraan maliban sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Wala kayong makikita sa Kasulatan o sa lasaysayan man na mayroong kahit isang nabautismuhan tungo sa Iglesia ng Buhay na Diyos sa Ngalan ng mga titulong Ama, Anak, Espiritu Santo. Iyan ay dogmang Catolico at hindi katuruan ng Biblia.

111 Nang kapanayamin ako ng isang pari ay tinanong ko iyan sa kaniya. Ang sbi niya, "Iyan ay totoo, ngunit kami ang iglesia. Maaari naming baguhin ang anumang naisin naming. Ang kabanalan ay nasa iglesia. Ang Diyos ay nasa Kaniyang iglesia."

Ang sabi ko, "Ang Diyos ay nasa Kaniyang Salita. At kung ang iglesia ay salungat sa Kaniyang Salita, ay hindi ko maaaring paniwalaan ang iglesia." Itinuturing kong kasinungalingan ang salita ng bawat tao, kahit pa siya ay isang pari o papa, o anuman siya, at ang Salita lamang ng Diyos katotohanan. At

inutusan ni Pablo ang bawat tao, anuman ang paraan ng kaniyang pagkabautismo, kung hindi pa siya nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, na dumulog at magpabautismong muli.

At matapos matangggap ng ilan ang Espiritu Santo, ang sabi ni Pedro, "makhahadlang ba ang tubig yamang ang mga ito ay nagsitanggap na sa Espiritu Santo (Mga Gawa 10:49)gaya rin naman natin…?...?" At inutusan niya sila, "Bago n'yo lisanin ang lugar na ito, bagama't natanggap na ninyo ang Espiritu Santo, pumarito kayo at magpabautismo kayo sa Pangalan ni Jesus Cristo," sapagkat kay Pedro ipinagkaloob ang susi ng kaharian…na ang sabi, "Anuman ang iyong gapusin dito sa ibabaw ng lupa, ay gagapusin Ko sa Langit." At ano ang ginagawa ng susi? Binubuksan nito ang isang bagay, ang hiwaga.

112 At nang sabihin ni Jesus, "Humayo kayo at bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, at ng Espiritu Santo," inilagay Niya iyon doon upang bulagin ang hindi mananampalataya…Masdan! Bakit hindi sinunod iyon ni Pedro nang salita sa salita? Sinunod niya iyon. Kung ang isang tao ay nabautismuhan as mga titulong Ama, Anak at Espiritu Santo, ang totoo ay hindi pa siya nababautismuhan; wala siyang pangalan. Ang Ama ay hindi pangalan; ang Anak ay hindi pangalan; at ang Espiritu Santo ay hindi rin naman pangalan. Ang Espiritu Santo ay kung ano Ito, gaya ng ako'y isang tao. Iyon ay Espiritu Santo. Ang Ama ay isang titulo; ako'y isang ama. Ang anak ay isang titulo; ako'y isang anak. Ang tao ay isang titulo; iyon ako. Ngunit ang pangalan ko ay William Branham. Ang pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo ay ang pangalan ni Jesus Cristo. Ang sabi ni Jesus, "Ako'y naparito sa Pangalan ng Aking Ama." Ano ba ang pangalan ng Ama? Sinumang anak ay dumarating sa pangalan ng kaniyang ama, at ang Pangalan ng Ama ay Jesus Cristo. Kita n'yo? Nakikita ba ninyo kung ano ang ibig kong sabihin?

113 Kung utusan kitang pumaroon upang ikuha mo ako ng isang bagay doon sa counter sa pangalan ng alkalde ng bayang ito, ilan ba sa inyo ang nakakakilala kung sino ang alkalde ng bayan? Ang kaibigan kong si Rich Vissing. Buweno, hindi ka pupunta roon at sasabihin mo, sa pangalan ng alkalde ng bayan. Ang sasabihin mo, "Sa pangalan ni Richard Vissing." Kayong mga taga Jeffersonvile, alam n'yo kung sino siya. Iyan ang dahilan kung bakit sinabi Niya, "Ama, Anak, at Espiritu Santo. Sa kaniya ay nananahan ang Pagkadiyos, ang Kapuspusan ng Pagkadiyos sa laman. Ang sabi Niya, "Bautismuhan ninyo sila sa Pangalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo."

Nakatayo roon si Pedro taglay ang kapahayagan kung saan ay itinatag Niya ang Iglesia, ang kapahayagan kung sino Siya, ang sabi Niya, "Mangagsisi ang bawat isa sa inyo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo." At hindi…At ang susi ay gumana sa Langit sa Lupa. "Walang ibang Pangalan na ipinagkaloob sa silong ng langit na makapagliligtas sa mga tao."

114 Bakit kayo nagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo? Para sa ikapapagpapatawad ng mga kasalanan. "Anumang kasalanan ang ipatawad n'yo, sa kanila ay ipinatatawad ang mga iyon. Kita n'yo? Ngunit kung iniisip ninyong hindi siya karapat-dapat mabautismuhan, huwag n'yong gagawin iyan. Kita n'yo? Nakukuha ba ninyo kung ano ang ibig kong sabihin?" Susundin kita (Ang Salita!), O Cristo (Tumatawag doon sa libingan), Kahit ("Hindi mo ba gustong mamatay nang kasama Ko, upang magbangon kang kasama Ko?") na saan hahayo, Ang banal Mong kalooban, (Ano'ng sasabihin ng sanlibutan?) Susundin ko magpakailanman. (Ngayon, kung hindi pa kayo…)Susun…(Siya ang Salita!) kita O (Hayun ng bautismuhan!) Kahit na saan hahayo; Ang banal Mong kalooban; Susundin ko magpakailanman. Magsiyuko tayo.

115 Mahal na Diyos, handa nap o ang tangke ng tubig. Ngayon ay mangusap Ka sa mga puso, Panginoon. Nawa ay marinig nila si Cristo, na siyang Salita, na nananawagan sa kanila na sumama sila sa Kaniya hanggang sa wakas. "Sasama ako sa Kaniya sa halamanan. Sasama ako sa Kaniya sa bautismuhan. Tataglayin ko ang Kaniayng Pangalan. Sasampalayanan ko ang Kaniyang Salita. Susunod ako. Hinding-hindi na ako makikipaglaro sa sanlibutan. Magiging isa akong tunay na nakipagtipang Nobya. Hindi ako lilihis kaunti man sa Kaniyang Salita. Bawat kahilingan, magiging isa akong tunay at totoong Nobya. Lahat ng pinapagawa Niya sa akin ay gagawin ko. Kung nais ng Asawa kong malapit na malapit nang dumating na pahabain ko ang buhok ko, ay gagawin ko. Kung nais Niyang alisin ko ang lahat ng make-up ko na ito, gagawin ko. Kung nais Niya—-kung sasabihin Niyang ito ay masamang espiritu, na ito'y masama, na nakikipaglaro ako sa mga kaakit-akit na damit na ito, ay susunod ako; huhubarin ko ang mga ito. Kahit ano pa ang sasabihin ninuman, huhubarin ko ang mga ito. Kung nais Niyang lumabas ako sa grupong kinabibilangan ko ngayon, ng mga hindi mananampalataya, susunod ako. Kahit pa kailanganin kong gumawa ng sarili kong tinapay, o ano man iyon, ipinangako Niyang hindi Niya ako iiwan o pababayaan man, su—susunod ako. Sasama ako sa Kaniya hanggang sa wakas. Kung nais Niyang magpabautismo ako sa Pangalan Niya, ay gagawin ko." At Panginoon, ipinangako Mo dito sa Iyong Salita na iyan ang nais Mo. Nawa ay makita ito ng bawat tao, Panginoon, at buong katamisan, at buong pagpapakumbabang yumukod siya Rito, sa Ngalan ni Jesus ay dumadalangin ako. Amen.

116 Nasa Diyos ka na. kunin nawa ng Diyos ang mga mumunti at putul-putol na pananalitang ito, at gawin nawa Niyang napakatotoo nito sa inyo, ang taospuso kong dalngin. Ang bautismuhan ay ihahanda na. Ang sinumang nais dumulog, ito'y kanila nang—-iaanunsiyo ng ministro iyan maya-maya. Ang sinumang nakapagsisi na at nais magpabautismo na ang gagamitin ay ang Pangalang Jesus Cristo,

magsiparito lang kayo. Handa na ang lahat. Lahat ng magagawa naming para matulungan kayong mamuhay para sa Diyos, naririto kami para gawin iyon. Pagpalain kayo ng Diyos.

Ngayon, magsitayo tayo. Ngayon, ang munting awitin natin, Mahal Siya, Mahal Siya, 'pagkat minahal Niya ako. Awitin natin iyon, lahat tayo ngayon. Mahal Siya, (Itaas natin ang mga kamay natin habang inaawit natin ito.) Mahal Siya, Pagkat minahal Niya ako, Nag-alay ng kaligtasan Sa kalbaryo. Habang nakayukod ang mga ulo pati na ang mga puso natin ngayon, ihimig natin iyon sa Kaniya. [Nagsimulang humingi si Brother Branham at nananalangin siya-Ed.] hal Siya… O, Diyos Ama naming, mahabag Ka sa aming mga abang nilalang, Panginoon. Palakasin Mo kami para sa gawaing hinaharap namin. Tulungan Mo ako, O Diyos, tulungan Mo ako! Nadarama kong mayroong mangyayari doon sa labas, Ama tulungan Mo ako, O Diyos na makaalam ng Katotohanan. Pagpalain Mo ang mga taong, mahal na Diyos. Pangunahan Mo sila, ang dalangin ko sa Ngalan ni Jesus.

Ngayon, habang nakayuko tayo, hihilingin ko sa pastor dito, si Brother Neville, ang mahal nating kapatid, na lumapit na siya rito at sasabihin niya ang nais niyang sabihin tungkol—-baka may iba pa siyang nais sabihin tungkol sa bautismo. Maaaring ako na ang mag-aanunsiyo niyon, magkagayon man, sa palagay ko ay handa na ang bautismuhan.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7